


# MGA PINTUAN SA PINTUAN

 . . .dito ngayong umaga. Naalala ko tuloy 'yung pinaka unang beses na—na nagpunta ako rito sa Flagstaff. Nasa mga, palagay ko, tatlumpu't walong taon na rin ang nakakaraan, o siguro pa nga apatnapu. Ikinuwento ko noon 'yung tungkol sa paglusong ko paakyat nung burol. Wala namang niyebe noon, pero 'yung munting kotse kong Model-T ay hindi talaga halos makaabante paakyat nung burol. Kaya namang umarangkada nung kotse ko nang trenta milya kada oras, kaso kinse papunta roon tapos kinse pauwi rito, alam n'yo, kapag minamaneho ko rito sa mga kalsada natin dito. At medyo . . .

<sup>2</sup> [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki sa entablado, “Bakit di mo bigkasin sa amin 'yung tulang 'yun tungkol sa Ford.”—Pat.] Kapatid na Carl! [“Sige na.”] Huwag na. Binabanggit niya po sa akin 'yung tungkol dun sa maikli kong tula noon, tungkol sa Ford ko. Siguro'y di ito 'yung tamang lugar para bigkasin ko 'yun, Kapatid na Carl.

<sup>3</sup> Kaya naman, lubos tayong nagpapasalamat. At marami nga akong narinig na mga maiinam na patotoo ngayong umaga, mula sa ilang kapatiran, nakilala ko rin ang ilan sa kanila.

<sup>4</sup> At may isang ministro na nagsalita rito kani-kanina, isang kapatid na Espanyol na binigyan niya 'yung kanyang . . . anak na lalaki nang oras para makaawit dito. Hindi ba't kamanghamangha ang ganung tinig para sa isang anim-na-taong gulang? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang galing, 'yun na ang pinaka magandang munting tinig na narinig ko kailanman, mula sa isang munting batang tulad niya.

<sup>5</sup> Ngayon, 'yung kapatid natin dito kanina, nakalimutan po niyang banggitin, pero may idinaraos siyang pagtitipon dito sa lungsod. Sa pagkakaalam ko ginaganap 'yun ngayon sa church of God, o Assemblies of God ba 'yun? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Assemblies.”] Assemblies of God, dun sa Assemblies of God. At sigurado po akong ikalulugod nila ang inyong—inyong presensya roon. Hanggang kailan uli 'yung pagtitipon, kapatid? [“Hanggang sa Linggo.”] Hanggang sa Linggo pa. [“Linggo ng gabi.”] Hanggang sa Linggo ng gabi. [“Magkakaroon kami ng inspirasyunal na awitan mamayang gabi.”] Ano po uli 'yun? [“Magkakaroon kami ng inspirasyunal na awitan mamayang gabi.”] Inspirasyunal na awitan mamayang gabi. Ngayon kayo pong lahat ay malugod na inaanyayahan sa pagtitipong 'yan. [“Ganap na alas siyete y media.”] Alas siyete y media, ng gabi. At saan naroon 'yung simbahan, kapatid? [“113 West Clay.”] Maaari mo bang sabihin sa amin kung saan? [“113 West Clay.”] 113 West

Clay Street, dito mismo sa lungsod ng Flagstaff. At—at sigurado akong ika'y . . .

<sup>6</sup> Kasama mo ba 'yung munting batang lalaki? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Hindi."—Pat.] Hindi, pero aawit ang tatay niya dun. Umaawit ka rin, sa tingin ko? Buweno, mainam 'yan, buti't tumama, rin ako. Buweno, madalang lang kasi kayong makakakita ng ganyan; pero, kadalasan kasi, kung may ganung talento sa pamilya, namamana rin 'yun ng—ng iba pa, sa tingin ko. Tapos sila raw ay . . . ["Nag-aayuno muna't nananalangin, Kapatid na Branham."] Nag-aayuno at nananalangin, aba'y napaka—napaka inam pala n'yan kung ganun.

<sup>7</sup> Ngayon, alam n'yo, kung ang Amerika, ay magbubuklod-buklod lamang, na ang lahat ng pamilyang Amerikano'y ganun ang gagawin natin, buweno, kahit buwagin na ang kapulisan. Darating na ang Milenyum, tama 'yun? Magiging primera klase talaga tayo. Siyanga. Mapapawi ang lahat ng kamatayan, lahat ng karamdaman, kapighatian, lahat ng mga kabiguan, at atin nang makakasama si Cristo.

<sup>8</sup> Kaya, masaya talaga tayo, at napakinggan ko ang lahat ng magagandang patotoo rito! At nagkaroon ako ng pribilehiyong makilala si Kapatid na Earl, una ko itong pagkakataon. At—at nung nakaraang gabi ay nakausap ko ang kanyang maybahay, at—at natawag siya at pinagaling, nang maraming beses na rin, sa mga pagtitipon; sabi, nitong huling pagtitipon ay nandun daw uli siya sa entablado.

<sup>9</sup> Tapos, medyo may kaunting, napagkuwentuhan kami na nakakatawa. Hindi ko po kasi tanda 'yung itsura ni Kapatid na Earl, kahit na nakamayan ko na siya dati sa kung saan. At—at nakaupo nga ako sa tabi ng bintana, kagabi, hinihintay siyang dumating. At isang napakatangkad na lalaki ang dumating, na may itim na bigote. Sabi ko, "Heto na siya." At pagkatapos . . . si Billy, 'yung anak ko, sabi niya, "Oh, mali," sabi, "hindi 'yan si Kapatid na Earl. Malayong mas bata siya sa lalaking 'yan." At pagkatapos nun ay nakilala ko si Kapatid na babaing Earl nung isang gabi, at nagkaroon ng pribilehiyong makadalaw sa kanilang magandang tahanan dito sa bayan.

<sup>10</sup> Napakagandang lugar nga talaga rito. Gusto ko nga sanang tawagin itong *flagpole* imbis na Flagstaff, dahil sa nasa ibabaw ito ng burol dito, kita n'yo. At, sinasabi ko nga sa inyo, kung mayroon man dito na taga-Texas, ngayon may masasabi po ba kayo. Umalis ako ng Tucson, kahapon, nasa mga sitenta y dos o sitenta y singko ang temperatura, parang ganun, at dumating ako ngayong umaga na suot-suot talaga itong pangginaw. Kita n'yo, kung anong mayroon sila sa Texas, mayroon din naman tayo n'yan dito sa Arizona, hindi po ba? Siyanga. Mayroon din.

<sup>11</sup> Sa oras na ito ng fellowship! Si tandang Doktor Bosworth, na kaibigan ko, marami sa inyo ang marahil nakakakilala noon

kay Kapatid na Bosworth. Isa siya sa pinakabanal na matanda nang lalaking meron tayo. At may nabanggit nga siya sa akin minsan, sabi niya, “Kapatid na Branham, alam mo ba kung ano ang *fellowship*?”

Sabi ko, “May pakiwari ako, Kapatid na Bosworth.”

<sup>12</sup> Sabi, “Dalawang fellow ’yun na nakasakay sa isang ship, kaya kailangan nilang pagsaluhan ang bangka nilang maliit.”

<sup>13</sup> Kaya ’yan ang ibig sabihin ng *fellowship*, makatatanggap tayo tapos magbabahagi, magbibigayan sa isa’t isa; nandiyan sina Kapatid na Carl Williams, ang lahat ng iba pa, Kapatid na Outlaw. Oh, isa sa mga unang tao sa Arizona na nagtaguyod ng isa sa mga pagtitipon ko rito, si Kapatid na Jimmy Outlaw, at kami’y naging malapit na magkapatid mula noon. At labis ang aming kagalakan para sa inyong lahat, para sa mga ministro at sa mga kapatiran na nakilala namin sa dako rito. Wala akong sapat na oras para makamayan ang bawat isa, gayong nais ko sana, pero sa kabila n’yan tayo nga’y nakakapagbuklod-buklod sa pagtitipong gaya nito.

<sup>14</sup> Naalala ko tuloy ’yung—’yung pangmalakihang pagsasama-sama sa Phoenix. Nagkaroon ako noon ng pribilehiyo, nung nagsisimula pa lang ’yung mga sangay, na—na makatulong sa pag-oorganisa nung mga sangay at makapangusap sa mga ’yun. At ito lang ang tanging organisasyong kabilang ako, at di nga ito matatawag na organisasyon. Isa lamang itong organismong ang bawat isa’y nagtutulong-tulong.

<sup>15</sup> At kung mayroon man sa mga kalalakhian dito ngayong umaga, na—na hindi pa kabilang sa pagsasama-sama ng ito, ng Christian Business Men, Full Gospel, sige lang po...kung naniniwala kayo at nagtitiwala sa sinasabi ko, isa nga ito sa pinaka mainam na pagsasama-sama ng mga tao. At—at sa mga kapatid na ministro natin, hindi po ito laban sa iglesya n’yo, ito nga’y para sa kapakanan ng iglesya n’yo. Kita n’yo, isa itong paraan para mailagay sa tamang posisyon ang—ang iglesya.

<sup>16</sup> Mangyaring napansin ko ’yung kalugod-lugod na ginang na umawit nung awiting ’yun kanina. Marami na akong narinig na sumubok awitin ’yun, pero ’yung ginang lang ang may bukod-tanging boses na kayang dalhin ’yun nang tama, alam n’yo, na hindi sumasabit ’yung boses, parang ganun. Gustong-gusto ko ’yung ganung pag-awit, binibini, talaga namang, napakainam nun. Siya’y asawa ng isang ministro rito. At, kapatid, siguro’y paawit-awitin mo siya hanggang sa makatulog ka gabi-gabi, dahil talaga namang magiging napakainam nun, napakainam talaga. Napakainam na pag-awit. Nalulugod ako sa ganun.

<sup>17</sup> At, ngayong umaga, may naalala nga ako riyang munting—munting kuwento. Mangyaring, mahilig akong—akong mangaso at mamingwit ng isda, at isa ’yun sa mga dahilan kung bakit sumadya ako rito sa Arizona, para po, ako’y makapangaso at

makapamingwit. At hilig ko talaga 'yun. At kaya minsan nga'y namimingwit ako noon sa New Hampshire.

<sup>18</sup> At sa palagay ko'y marami akong mga katulad dito na hilig din ang pamimingwit, mapa lalaki man at kahit babae, na rin, kita n'yo. Gusto naming lahat 'yung ganun.

<sup>19</sup> Mangyaring itinayo ko na dun 'yung bitbit kong maliit na tolda sa mataas na dako, medyo mataas-taas din 'yun, alam n'yo na kapag, may kabigatan ang katawan mo o basta ganun, hindi ka makakapaglakad agad dun sa dakong 'yun paakyat. At maraming mainam, na mga, brook trout dun, at pati brown, square-tail, cutthroat na rin. Oh, talagang punung-puno, 'yung sanga-sangang ilog dun na umaagos pababa mula sa tuktok ng bulubundukin ng New Hampshire. At 'yung trout dun, siguro nasa labing-apat, labing-anim na pulgada ang haba, talagang napakarami dun! At ako . . . nandun lang ako para mamingwit nun, pero katuwaan lang 'yung pamimingwit ko sa kanila, at pinakakawalan ko rin sila agad. Kung may mapatay man ako na isa, kinakain ko—ko na lang, kita n'yo, bibingwitin ko siya.

<sup>20</sup> Tapos may matandang puno dun ng moose willow na may kalaguan dun, at—at sa tuwing ihahagis ko 'yung kalawit ng pamansing ko . . . Royal Coachman 'yung gamit ko. Ihahagis ko kasama 'yung kalawit, natatamaan ko 'yung moose willow dun. At naisip ko, "Buweno, kukunin ko 'yung maliit kong palakol at aakyatin ko 'yun, ngayong umaga, at—at puputulan ko 'yung moose willow, para hindi na masabit pa 'yung pamansing ko roon." Oh, sinilip ko 'yung ilalim nung maliit na matandang . . . parang beaver dam, at nandun lang 'yung mga isda sa ilalim, nag-aabang lang pala na mabingwit nung Coachman. Ngayon, buong magdamag . . . nung araw nga'y madalas kong sabihin, "buhok ko pa lang hulig-huli na," pero ngayon di ko na 'yun masabi kasi halos ubos na 'yung buhok ko. Kaya aking . . . akin ngang . . . naabutan 'yung mga isda na—na tinitingnan lang nila 'yung mga kalawit. At kaya inakyat ko na 'yung puno, nung umaga na, bitbit 'yung maliit na lumang palakol, at pinutulan ko 'yung moose willow. At nakahuli ako ng tatlo o apat na isda, na lulutuin ko para sa almusal, at bumalik na ako. At hindi ako magaling sa pagluluto. At kaya naman lagi kong sinasabi sa maybahay ko na hindi ako nakakapagpakulo ng tubig nang di 'yun nasusunog, kaya alam n'yo nang di talaga 'yun magiging magandang luto.

<sup>21</sup> Tapos nga, nung naglalakad na ako pabalik, may isa roong malaking inahing oso at dalawang batang oso, at pinasok nila 'yung maliit kong tolda. At napag-uusapan na rin lang 'yung grabeng pamimsala, hindi n'yo masasabing grabe ang pinsala hangga't di pa kayo nilolooban ng oso sa tolda. Hayan nga't, wala namang kaso anumang sirain nila . . . anumang kainin nila pala, ang ibig kong sabihin, 'yung kung anong sirain nila ang mabigat. May maliit akong kalan dun sa loob, maliit na kalan

na ginagamit pangluto ng mga nagpapastol, at pinatungan nila 'yung maliit na kalang 'yun at basta na lang tinalunan nang taas-baba, parang mga latang nagkakalantugan 'yung tunog, at talagang nagkalat 'yung pira-pirasong nun, alam n'yo. At nung malapit na ako, may luma nga akong kinakalawang na kalibre beinte dos na mahabang baril na nakalapag lang dun sa loob, pero 'yung hawak ko nung mga oras na 'yun ay palakol lang.

<sup>22</sup> At, alam n'yo nga, nung paglapit ko dun, tumakbo palabas 'yung malaking nanay sa isang tabi, at tinawag niya 'yung mga anak niya palabas. At sumunod 'yung isang anak, agad; pero naiwang nakaupo 'yung isa pa, 'yung pinaka maliit. Mayo nun, alam n'yo, kaya siguro unang beses pa lang nilang makagala. Nakaharap sa akin 'yung likod niya, nakayuko nang *paganoon*. At naisip ko, "Ano kayang ginagawa niya?" Buweno, tapos nun sumulyap 'yung oso na 'yun sa akin. Aba'y sumulyap din ako para makahanap ng puno, kasi gusto ko lang makasigurado't baka—baka masyado na akong malapit dun, kasi mahirap na't nangangalmot sila, alam n'yo, kapag anak na nila ang usapan. At, sila, nga'y di mo naman puwedeng pakiusapan, kita n'yo. Kaya pinakiramdam ko muna 'yung malaking nanay nang ilang sandali, alam n'yo. Patuloy siya sa pagtawag, at parang huni ang tunog nun, parang ibon. Pero iba pa rin at kailangan alam mo 'yun. Tapos tuluy-tuloy niyang tinatawag 'yung anak niya, kaso ayaw nun lumapit.

<sup>23</sup> Buweno, naalala ko 'yung mahabang baril ko. At naisip ko, "Huwag na lang pala, kung tatakbo ako roon at dadamputin ko 'yung mahabang baril dun, kung babarilin ko 'yung malaking nanay na 'yun, mauulila 'yung dalawa sa kakahuyan," at ayaw kong dalhin 'yun sa isip ko. At, isa pa, sa laki niyang 'yun na sasalakay, napakaliit ng kalibre beinte dos, alam n'yo po. At minsan nga'y hindi pa 'yun agad pumuputok, kailangan pang kalabitin nang tatlo o apat na beses para pumutok. Kaya naisip ko, "Buweno, dun na lang ako sa puno tatakbo, kung salakayin man niya ako. Aakyat ako dun sa puno, puputol ng maliit na patpat at iwawasiwas 'yun sa ilong niya." Sensitibo 'yung ilong ng mga ganun. At iiyak nga sila, tapos bababa na, alam n'yo, at iiwanan ka na lang nilang mag-isa. Kaya naisip ko, "Dun na lang sa punong 'yun ako tatakbo."

<sup>24</sup> Pero dahil sa talagang nakakapagtaka ang maliit na oso na 'yun, oh, aba'y nakayuko nang *paganito*. At naisip ko, "Ano kayang ginagawa niya?" Kaya dahan-dahan akong umalis sa puwesto ko, pinapanood ko siya, alam n'yo, medyo lumayo na ako, at lumapit dun sa puno, dahil patuloy sa pagtawag 'yung nanay na oso sa anak niya. Tapos nung makalayo na ako nang kaunti, at alam n'yo ba kung anong ginawa nung munting oso?

<sup>25</sup> Ngayon, mahilig po ako sa flapjack, o pancake, 'yun yata 'yung tawag n'yo dun, sa dako rito. Sa Timog kasi, flapjack ang tawag namin dun. At hindi ako kagalingan sa paggawa nun,

pero may kagalingan ako sa pagkain nun. At, alam n'yo, dati nga po akong Baptist. Ayaw na ayaw ko 'yung pawisik-wisik lang; ang gusto ko 'yung binabautismuhan talaga sila, 'yun bang babad kung babad sa pulutipot. Mangyaring may lata ako roon ng pulutipot, mga *ganitong* karami, nakatiwangwang lang dun, nakalagay sa kalahating galong timba na para sana dun sa mga flapjack ko.

<sup>26</sup> At 'yung munting nilalang na 'yun, alam n'yo, hayan nga't mahilig sa matatamis ang oso, ganun nga. Nabuksan niya 'yung timba roon ng pulutipot. At nakaupo siya dun at 'yung maliit niyang paa'y mga *ganitong* kalapad. At iniaangat niya 'yun gamit ang mga bisig niya, at sabay sawsaw nung maliit niyang paa, tapos didilaan niya nang *paganoon*, alam n'yo. Hayan nga. At talagang abala siya dun sa pagdila. At naisip ko . . . At kung may dala lang sana akong kamera noon, gustong-gusto ko pa naman sanang ipakita 'yun ngayong umaga, para makita n'yo 'yun. At hayun nga siya, isinasawsaw 'yung maliit niyang paa roon, at padila-dila nang *paganoon*. At binugaw ko siya nang malakas, "Umalis ka ryan," parang ganun. At hindi man lang niya ako pinapansin, at tuluy-tuloy lang siya sa pagdila dun. Gusto pa yatang sairin 'yung timbang 'yun, kita n'yo.

<sup>27</sup> At binugaw ko siya nang malakas, bumaling siya sa akin at tumingin sa akin nang *paganoon*. Hindi niya halos maimulat 'yung mga mata niya, punung-puno siya ng pulutipot, alam n'yo. Nagkalat sa buong mata niya, pati sa maliit niyang tiyan, talagang punung-puno siya ng pulutipot! At pagkatapos, mga ilang saglit pa, halos patagilid na siyang patumba-tumba roon, na patakbo sa nanay niya. Kinuha nila siya dun sa may halamanan at siya na mismo 'yung dinila-dilaan nila. Takot nga silang maupo dun sa tabi nung timba, pero sige naman sila sa pagdila sa kanya.

<sup>28</sup> At sabi ko, "Kung hindi pa naman ba 'yan tipo ng isang mainam, na makalumang pentecostal na pagtitipon; 'yun bang mapupuno kayo nitong mainam, na matatamis na bagay, tapos paglabas mo dun, hayan nga't may didila nun sa iyo. Ganyan nga ang tunay na pagtitipon ng pagbubuklod. Yun bang lalapit lang tayo nang paganito, para isawsaw natin ang ating mga kamay sa timba, bawat isa sa atin, isasawsaw 'yun hanggang umabot sa siko, sa mga pagpapala ng Diyos. At tiyak po akong masusumpungan n'yo 'yan sa rebaybal sa Assemblies of God, na gaganapin dun ngayon. Pagpalain kayo ng Panginoon.

<sup>29</sup> May ikinuwento po ako dun sa Phoenix, nung isang araw, tungkol sa . . . Nawa'y hindi po ako magmukhang namumusong, tungkol 'yun sa isang nakakatawang kuwento tungkol sa isang ministro na kada umaga'y tutungtong sa entablado, sa loob ng dalawampung taon, walang palya, dalawampung minuto siya mangangaral, at hihinto na dun, at kaya di nila maintindihan kung bakit nagkaganun. At pagkatapos, isang umaga, nangaral

siya nang halos apat na oras. At kaya—kaya pinatawag siya ng mga diyakono, at—at sabi, “Pastor, mahal na mahal ka naman naming talaga.” Sabi, “Sa—sa palagay nga namin magaganda ang mensahe mo.” At sabi, “Batid namin, bilang kapulungan ng mga diyakono, nasubaybayan ka namin at naorasan lagi, at saktong dalawampung minuto ka lang mangaral kada Linggo ng umaga.” At sabi, “Ngayong umaga ay umabot ka nang apat na oras.” Sabi, “Talagang di namin maintindihan.”

<sup>30</sup> Sabi, “Sige sasabihin ko sa inyo, mga kapatid.” Sabi niya, “Tuwing umaga, kapag oras ko nang mangaral,” sabi, “kapag tinatawag n’yo na ako dun sa may entablado, dumudukot ako’t naglalagay ng pirason Life Saver na kendi sa ilalim ng aking dila. At,” sabi, “sa loob ng dalawampung minuto, kapag tunaw na ’yung inilagay kong Life Saver na ’yun,” sabi, “ako’y—ako’y—ako’y tapos na,” sabi niya, “malalaman ko nang oras ko na para huminto.” At sabi, “Ang nangyari’y nagkamali pala ako kaninang umaga, butones kasi ’yung nadukot ko kanina.”

<sup>31</sup> Si Carl Williams, si Jewel Rose, tunay na mga malapit na kapatid at mga kaibigan ko, nagpunta sila sa bayan nung isang araw, at may biniling butones na mga *ganoong* kalaki ’yung bilog, para ibigay ’yun sa akin, at, di ko nga lang nadala ’yun ngayong umaga. Kaya naman, lubos ang ating pasasalamat na makaparito.

<sup>32</sup> Ngayon, mayroon bang narito ngayon na nakakakilala kay Doktor Lee Vayle? Sa palagay ko wala . . . wala yata. Isa siyang mangangaral na Baptist, Doktor ng Dibinidad, at sari-sari ang mga digri niya. Isa siyang guro sa mataas na paaralan, unang-una sa lahat, at napakagaling niya’t, edukado talaga. At kaya naman ’yung mga teyp ko ng *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, ipinadala ko ’yung mga ’yun sa kanya, para maisaayos niya ’yung mga pagbabaybay ng mga pangungusap dun. Dahil, ’yung nakasanayan kong pagsasalita ng Kentucky na “his, hain’t, at tote, at carry, at fetch,” parang di ’yun bagay sa mga taong madalas nang nagbabasa ng mga aklat, kaya isinaayos niya ’yung mga ganung salita para sa akin. At pagkatapos, nung matapos na niya ’yun, mga dalawang beses ko pa uling ipinadala ’yun sa kanya, dahil may mga karagdagan pa ako. Pero, ngayon handa na ’yung aklat na mailimbag, matapos ang mga tatlo o apat na taon din.

<sup>33</sup> May itinanong siya sa akin, sabi niya, “Maaari ba akong magsulat ng isang aklat, sarili kong komentaryo ang laman?”

At sabi ko, “Buweno, ayos lang naman, Kapatid na Lee.” At naisip ko . . .

<sup>34</sup> Tapos sabi niya, “May sasabihin pa sana ako sa iyo.” Sabi, “Hindi ’yun ipagbibili; ipamimigay lang.”

Sabi ko, “Buweno, kung ganun, talagang ayos ’yan.” Kita n’yo?

35 At kaya naghanap sila ng mga taong gustong mag-ambag ng tulong pinansyal, mga sampung katao rin ang tumulong, at nasa labinlimang daang dolyar ang nailabas nila, sa palagay ko, sa pagkakaalam ko, para makalathala ng sampung libong kopya nun. At nasa—nasa amin na 'yun, lumabas na mula sa palimbagan nung isang araw pa, at kumuha lang kami ng mga dalawa o tatlo, kahapon, at nakay Billy ang mga 'yun. At naipamigay na niya 'yung—'yung mga 'yun. Ngayon, hindi ko pa nababasa 'yun, hindi ko alam kung anong sinabi niya dun. Pero tiyak ko. . . Sa pamamagitan lang ng pananampalataya. Natitiyak kong, kung gusto n'yo pong magkaroon nun, siguro'y sulatan n'yo lang kami, ipapadala namin 'yun, nang libre. Kita n'yo? At pinamagatan 'yung *Ikadalawampung-Siglong Propeta*.

36 At napansin ko nga 'yung litrato rito, sa pabalat ng aklat, marami sa inyo rito ang nakakuha na ng litratong 'yun, di po ba, at nakita na Ito, diyan po 'yung lugar kung saan nakuhanan ang Anghel ng Panginoon sa Houston, Texas. Pero hindi na nila naisama rito 'yung bahagi sana Nito.

37 Tapos napansin ko nga rito sa likuran. Sige po ilan sa mga narito ang nakadalo na sa isa sa mga pagtitipon, tingnan nga natin? Sa palagay ko'y halos lahat naman kayo'y nakadalo na. Narinig n'yo nang sinasabi ko, maraming beses na 'yung, "May aninong palutang-lutang sa ibabaw ng isang tao." Ngayon, kita n'yo, kung magsasalita kayo ng kung anong pahayag, at hindi 'yun katotohanan, walang magiging kinalaman dun ang Diyos. Alam n'yo ngang di nagkakaroon ng ugnayan ang Diyos sa mga kasinungalingan, dahil katotohanan ang pinagtitiyap Niya.

38 Kaya nung sabihin Niya kay Moises, noong katagpuin Niya siya dun sa ilang, sa Haliging Apoy, sa nagniningas na kahoy. Tapos nung inilabas nga Niya ang mga taong naroon, at sila nga'y nagsisisunod kay Moises palabas, para maglakbay, tapos bumaba Siya sa Bundok ng Sinai, ang siya ring Haliging Apoy na naroon noon, pinagtitiyap nga na ang sinabi ni Moises ay ang katotohanan talaga.

39 Ngayon, gagawin talaga 'yun ng Diyos. Lagi naman Niyang ginagawa ang gayon. Kaya 'yung Liwanag na ito *rito*, siyempre nga, iniuugnay natin Ito sa Diyos, sapagkat Ito'y may siya ring kalikasan at kalakip ang lahat ng ginawa Niya noong narito pa Siya sa lupa.

40 Kaya batay riyon, kapag sinasabi kong, "Ang taong ito rito, nakikita kong nalilimliman ka ng kamatayan, isang maitim na anino." Marami, marami na sa inyo ang narinig nang sinabi ko 'yun! Buweno, dito kamakailan lang sa isang pagtitipon, may isang taong sa isip-isip niya, parang gusto niyang tingnan kung makukunan nila 'yun ng litrato, nung mabanggit kong naroon nga Iyon. Kaya kanilang. . . May babaing nakaupo sa malapit, at 'yung lalaking 'yun ay may kamera. At sabi ko noon, "Ang



ginang na ito na nakaupo rito, ay si Gng. *Ganito-at-ganoon*,” parang ganun. Sabi ko, “Nalilimliman siya ng kamatayan, siya nga’y may kanser.” At saktong kinunan siya ng litrato, ’pagkat malapit lang siya. At hayun nga ito, kita n’yo, para bang may talukbong, na itim na kanser ng kamatayan na palutang-lutang sa ibabaw nung babae. At pagkatapos nun nangusap muli ang Espiritu Santo . . .

<sup>41</sup> Ngayon, isasama sana nila ’yun dito sa aklat, kaso hindi na nila naihabol, kaya itatabi na lang muna nila ito rito hanggang maglathala uli sila ng panibagong limbag na aklat. At ’yun ang dahilan kung bakit may mapapansin kayong pahina riyang na para roon sana. Sa palagay ko’y ang *The Voice Of Healing* ang naglimbag ng aklat.

<sup>42</sup> At ngayon talagang libre po ito. At ’yung mga pangalan ng mga nakapag-ambag ng pinansyal na tulong ay narito sa likod nung aklat, naglabas sila ng labinlimang daang dolyar, para mailathala ’yun sa publiko, para mabasa ’yun ng kahit sino. Kaya naman, libre po ito, at napakainam na aklat talaga nito. At hindi ko pa alam ’yung nilalaman nito, di ko pa nababasa; alam ’yan ng Ama.

<sup>43</sup> Ngunit kita n’yo, Ito nga, para po sa akin, Ito’y ganap na Katotohanan. Yan nga ang hinahanap natin, ang Katotohanan. Sinabi nga ni Jesus, “Inyong makikilala ang Katotohanan, ang Katotohana’y magpapalaya sa inyo.” At ’yang Katotohanang ’yan ay Siya mismo. Siya mismo, si Jesus, na Anak ng Diyos, ang Katotohanan ng Salita, sapagkat Siya yaong Salita na nagkatawang-tao. “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin.” Kaya ibig sabihin, ’yan ang nagsasabi na Siya talaga yaong Katotohanan, dahil nga ang Katotohanan ay ang Salita, at Siya ang Katotohanan.

<sup>44</sup> Ngayon sa panahon ngayon na nakikita na nating nagbalik Siya sa mga huling araw na ito, dito sa dakilang pagkilos na ito ng Diyos, na kumikilos sa mga bansa ng daigdig, tinitipon ang mga tao para maging Nobya, Katotohanan nga ’yan.

<sup>45</sup> Maraming taon noon, sabi nila, “Walang bagay na ganyan na pagsasalita sa iba’t ibang wika. Walang kabuluhan ’yan.” Pero ipinangako ’yun ng Diyos, at pinatunayan pa nga Niya na ’yun talaga ang Katotohanan. Siyanga.

<sup>46</sup> May nagsabi riyang ngayong umaga, sa palagay ko po ’yung magiting na kapatid nating babae na laging nagpapaalala sa mga kabataan tungkol sa pagbabautismo sa kanila, sabi niya, “Marahil nakarinig na kayo ng may magsasalita sa iba’t ibang wika. Ngunit, iba ang makapakinig ng may aawit sa iba’t ibang wika, kita n’yo, talagang napakaganda nun.”

<sup>47</sup> Naaalala ko ’yung una kong karanasan nung nasa Rediger Tabernacle ako sa Fort Wayne, Indiana. At nangungusap ako,

nagdaraos ng isang gawaing pagpapagaling, kamamatay lang noon ni—ni Kapatid na B. E. Rediger. At dumalo dun noon si Kapatid na Bosworth, pati si Paul Rader. At marami sa inyo na matatandang kalalakihan dito, gaya ko, naaalala n'yo siguro si Paul Rader; at isa siyang Baptist, at kami nga'y, magkaibigang talaga. At nung nagsasalita na ako roon, nananalangin na para sa mga maysakit. Yung mga tao nga roon ay naninibago pa sa ganoon. Pero may isang ginang na nagdala dun ng munting batang lalaki, na baldado, at, nung papalapit siya sa entablado, nagpakita ng pangitain ang Panginoon at sinabi sa kanya ang lahat ng tungkol dun sa problema sa munting bata. At hiniling ko sa babae na iabot—na iabot sa akin 'yung munting bata.

<sup>48</sup> Ngayon inihalimbawa ko lang sa inyo itong patotoo ng kapatid na babae, nang sa gayon makita n'yo kung anong lubos na kagalakan at kung gaanong katotoo ang pangyayaring gaya n'yan sa—sa biyaya ng Diyos, kung anong kaya Nitong gawin, kapag kumikilos Ito nang may pag-ayon sa Salita ng Diyos, kita n'yo, ito ngang pangako ng Diyos para sa kasalukuyang panahon.

<sup>49</sup> Ngayon, hindi gagana ang pangako ng Diyos kay Noe sa atin sa panahon natin ngayon. Yung pangako ng Diyos kay—kay Moises, hindi nga natin puwedeng dalhin ang Mensahe ni Moises. Hindi puwedeng dalhin ni Moises ang mensahe ni Noe. Ang dinadala natin ngayon ay ang Mensahe para sa panahon natin. Hindi maaaring ang dala-dala pa rin natin ay mensahe ni Luther. Hindi maaaring ang dala-dala natin ay mensahe ni Wesley. Ibang panahon na ito ngayon. May inilaan ang Diyos na Salita Niya sa bawat kapanahunan. At kapag dumarating na ang kapanahunang 'yan, nagsusugo Siya ng isang tao upang pagtibayin ang Salitang 'yun, upang patunayan na totoo 'yun. At ngayon sa bawat kapanahunan na 'yan ay nakikita natin, kagaya na lang ng sinabi ni Jesus noong narito pa Siya sa lupa, sabi Niya, "Inyong itinatayo ang mga libingan ng mga propeta, at ang mga yao'y inilagay ng inyong mga magulang doon."

<sup>50</sup> Ngayon, ang mga kamag-anak ko'y Katoliko, gaya ng alam n'yo, dahil mga Irlandes kami. Ngayon kami. . . Ngayon lagi nilang—nilang nababanggit si Saint Patrick, sinasabi ng mga Katoliko na sa kanila raw siya. Buweno, siya'y kasing-Katoliko ko kung tutuusin. Sinasabi nila sa kanila raw si Joan of Arc. Samantalang sinunog nila ang babaing 'yun habang nakatali sa poste, pinagbintangang mangkukulam siya, alam nating lahat 'yun, dahil may pagka-espirituwal siya't nakakakita ng mga pangitain. Pagkatapos, ilang daang taon ang nagdaan, hinukay nila 'yung katawan nung mga paring nanunog, at ikinumpisal sila, at itinapon sila sa ilog. Ngunit di ganun ang pamamaraan, kita n'yo.

<sup>51</sup> Lagi silang sumasablay. Magpakailan namang pinupuri ng sankatauhan ang Diyos dahil sa Kanyang mga ginawa, laging

nakatunghay sa kung ano bang gagawin Niya, at hindi naman pinapansin ang ginagawa Niya sa kasalukuyan. Sadya ngang ganyan ang kalikasan ng tao. At hindi niya mabago-bago ang kanyang kalikasan, sila ngang mga tao ng sanlibutan.

<sup>52</sup> Kaya malinaw na sa atin ngayon na ang Mensahe natin ay, ang kasalukuyang, Mensaheng taglay na natin, ang, “Lumabas sa Babilonia, at lumaya, at—at mapuspos ng Espiritu, at pag-igihin at pailawin ang ilawan natin, at, sa kataasan tumingin, malapit na ang katubusan natin,” kakaiba nga ang dating ng mga bagay na ‘yan para sa maraming tao na ang bawat hininga nila’t pagtawag ay sa Pangalan ng Panginoon nating kaibig-ibig.

<sup>53</sup> Pero sa kabila ng lahat ngang ‘yan, wala tayong anumang laban sa mga tao riyan, sa mga taong nasa denominasyon. Ayos lang sila, mabuti sila. Sila’y—sila’y mga kasangga pa nga natin sa Ebanghelyo, dahil si Jesus mismo ang sabi, “Walang taong makalalapit sa Akin maliban na dalhin siya ng Aking Ama. At—at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay magsisilapit.”

<sup>54</sup> Kaya, ang nakaatang sa ating gawain ay ihasik lang ang mga Binhi. Nangahulog nga ang ilan sa tabi ng daan, ‘yung iba sa kung anu-anong klaseng lupa, may ilan nangahulog sa isang sulok at namunga ng tig-iisang daan. Kaya, masasabing tagahasik lamang tayo ng Binhi. Ang Diyos ang Siyang gumagabay Rito kung saan dapat Ito mahuhulog. At ngayon idinadalangin natin na nawa, ngayong umaga, ay may isang munting Binhi na mahulog sa isang sulok, na maaaring makapanghikayat ng tao. At mainam namang may—may—may tao riyang . . .

<sup>55</sup> Siguro’y tatapusin ko na ‘yung patotoo ko tungkol dun sa munting ginang na ikinukuwento ko kani-kanina. Dinala nung ginang na ito ‘yung munting bata, isang munting batang lalaki, na sa palagay ko, nasa sampu, labindalawang taong gulang, pero baka di naman siya ganung katanda, dahil karga-karga nung ginang ‘yung bata. At iniabot niya ‘yun sa akin. At nung mga sandaling ‘yun, habang naghahandog ako ng panalangin para dun sa bata, tumalon mula sa mga bisig ko ‘yung naturang bata at nagtatakbo pababa nung entablado, sa harap ng mga nasa tatlumpu’t limang daan o apat na libong katao. At nung masaksihan nila ‘yung nangyari, talagang unang beses nilang makakita ng ganun, tapos ‘yung ina, na nakaupo dun sa harap, basta na lang siyang hinimatay at napasubasob. At may isang munting batang babaing Amish dun . . .

<sup>56</sup> Pamilyar po ba kayo sa mga Amish? Hindi ko alam kung may mga ganun kayo rito, mahahaba ang buhok, maaamo sila, at malilinis tingnan at mababait. Alam n’yo ba, sa kanila na mga Mennonite, o Amish, at ‘yung mga tulad nila, wala tayong masusumpungan dun na rekord ng kabataang delinkuwente sa batas. Masasabi n’yo sigurong nakakatawa sila, pero may—may kung anong bagay sa atin na wala sa ating mga tahanan,

pero mayroon sila. Wala silang kahit anong rekord sa korte, ng kahit—ng kahit isa man lang na kabataang naging pasaway sa batas. Pinalaki nila ang kanilang mga anak, sa iisang paraan, at nanatili sila roon hanggang sila’y lumaki.

<sup>57</sup> At ’yung naturang dalagita’y isa palang kilalang piyanista, magandang dalagita, at ’yung mahaba’t, olandes niyang buhok ay nakapusod sa likod niya. At nung tumanaw siya . . . Ngayon, isa nga po siyang Amish, wala siyang kaalam-alam tungkol sa Pentecostes, at kahit naman ako. Ngunit nung tumanaw siya sa may entablado, at nakitang bumababa ’yung munting batang lalaki, naglalakad na dun, bigla siyang napataas ng mga kamay sa ere.

<sup>58</sup> Ngayon, alam kong may mga ganun na panatisismo lang, at nawa’y hindi nga ako mapunta sa ganun. Hindi—hindi po ako sinungaling. At hindi—hindi po talaga. Kung mali ako, hindi—hindi ko sinasadyang magkamali, nagkamali lang ako nang di ko nalalaman.

<sup>59</sup> Subalit ’yung naturang dalagita’y ’yun kanyang itinaas na lang bigla ang kanyang mga kamay sa ere, at natanggal ’yung pagkakapusod nung buhok niya’t lumugay sa balikat niya, at nagsimula na siya noong umawit sa isang kakaibang wika. At tinugtog niya ’yung himnong, “Ang Dakilang Manggagamot ay hayan ngayon dumarating, si Jesus na siya namang lubos na mahabagin.” At nung pagsampa niya . . . Alam kong sa pakinig ay mahirap paniwalaan ito. Dahil nga wala namang kaalam-alam ang dalagita’y ito tungkol sa pagsasalita sa iba’t ibang wika, pero naroon siyang umaawit sa isang kakaibang wika, “Ang Dakilang Manggagamot ay hayan ngayon dumarating, si Jesus na siya namang lubos na mahabagin.” At tuluy-tuloy ’yung piyano sa pagtugtug, “Ang Dakilang Manggagamot ay hayan ngayon dumarating, si Jesus na siya namang lubos na mahabagin.” Buweno, nagsidagsa ’yung mga tao sa may altar, at umabot hanggang balkonahe, dun mismo sa pinagdarausan, nagsisigawan ’yung mga tao! Nakatayo sa taas ’yung dalagita, na nakatingala ang mukha nang *paganoon*, nagsasalita sa iba’t ibang wika; at, ’yung piyano, ’yung mapuputi nung tiklado’y tuluy-tuloy pa rin sa pagtipa:

Ang Dakilang Manggagamot ay hayan ngayon  
dumarating,

Si Jesus na siya namang lubos na mahabagin,  
Sasalitain Niya’y kaaliwan sa pusong hikahos,  
Walang ibang Pangalan maliban kay Jesus!

<sup>60</sup> Oh! Talagang . . . “Hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ang sa atin ay inihanda na.” Alam n’yo ba kung anong iniisip ko ngayon? Bakit—bakit kailangan pa nating tumanggap ng kung anong bagay na ipampapalit o isang bagay na haka-haka lang, gayong punung-puno naman ang langit ng totoo,

ng tunay na Kapangyarihan ng Diyos, na nakakapagpalaya ng kaluluwa, at nakakagawa ng mga bagay-bagay para sa atin? Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon, sadyang marami pang mga bagay.

<sup>61</sup> Hindi ko pa nasasabi sa inyo kung saan kayo puwedeng makakuha ng aklat na ito, kita n'yo. Post Office Box 325, sa Jeffersonville. At kung susulat kayo, sige po, padadalhan nila kayo nito. O, puwede rin namang, dumalo kayo sa isa sa mga pagtitipon, namimigay sila dun.

<sup>62</sup> Ngayon, lubos po akong nagpapasalamat dahil sa mainam na pagsasama-sama natin dito sa dakong ito. At nitong umaga ay iniisip ko 'yung tungkol dun sa maikling kuwento na dati ko nang naikukuwento sa Christian Business Men, tungkol kay Zaqueo. Marami sa inyo rito ang nakarinig na dun sa kuwento kong 'yun, 'yung tungkol nga sa kung papaanong di naniniwala ang maliit na lalaking ito sa espirituwal na pagkilala, at, pati sa Panginoon. Siyempre, sa palagay ko naman, kagaya na lang ng kung anong makikita natin sa bawat panahon, makakakita ka ng tunay talaga, tapos makakakita ka rin ng gaya-gaya. At wala naman tayong magagawa dahil ganyan talaga. Ngunit ang tunay, na di basta-basta mahahatak na taong naninindigan sa Kasulatan ay nakakaunawa talaga, kita n'yo. At ganoon, sana tayo, na kahit pa . . .

<sup>63</sup> Nung nabubuhay pa nga si Gng. Aimee Semple McPherson, nung narito pa siya noon sa lupa, dun nga sa pagmi-ministryo niya, sinasabi nilang dapat ang mga babaing mangangaral ay nakasuot ng mga pakpak, basta parang ganun, alam n'yo, o eleganteng bestida gaya ng kanya, at may kilik na Biblia.

<sup>64</sup> Tingnan n'yo na lang kung gaanong karami ang gumagaya-gaya kay Billy Graham sa bansa ngayon. Ngunit, alam n'yo po, hindi kayo kailanman mapapalitan ni Billy Graham sa lugar n'yo. Hindi ko maaaring palitan si Billy sa lugar niya, at hindi niya rin maaaring palitan ako sa lugar ko. Hindi ko puwedeng kunin ang puwesto n'yo, at hindi n'yo puwedeng kunin 'yung akin. Ikaw lang ang nag-iisang ganyan, sa Diyos. Ginawa kayo ng Diyos kung ano dapat kayo, para sa isang layunin. Kung malalaman lang sana natin kung saan dapat tayo lumugar, at tapos ay mananatili sana dun. Dahil kung ipagpipilitan nating gumawa ng isang bagay na iba, ang mangyayari nga, kita n'yo, tayo'y—tayo'y lumalampas sa teritoryo ng iba, at ginugulo lang natin ang buong pagkaka-disenyo ng Diyos.

<sup>65</sup> Kung titingnan natin kasi si Billy Graham sa daigdig ng denominasyon ngayon, siya 'yung, kung tawagin natin sa isang manlalaro ng football, siya ba 'yung may hawak nung bola.

<sup>66</sup> Ngayon kung ang gagawin mo'y aagawin mo 'yung bola mula dun sa mismong kakampi mo, aba'y ginugulo mo lang ang kopyon n'yo. Protektahan mo 'yung kakampi mo, kita n'yo.

Protektahan mo lang siya, para di siya malapitan ng kalaban at makatakbo siya nang maayos. At makaka-touchdown din tayo pagkatapos, at darating na si Jesus, at pagkatapos matatapos na rin itong lahat. Pagpalain kayo ng Panginoon.

<sup>67</sup> Ngayon itutuloy ko na 'yung sinasabi ko tungkol sa lalaki na ito, si Zaqueo. At sabi ko nga noon naroon siya sa itaas nung puno, alam n'yo, tapos talagang natatakpan siya nang husto ng mga dahon. At nung makababa na siya mula sa puno, umuwi siyang kasama na si Jesus. At sabi ko noon, "Naging miyembro siya ng sangay ng Full Gospel Business Men." Kaya kung may Zaqueo po rito, ngayong umaga, umaasa akong makikinig kayo sa napaka inam na payo na 'yan at magiging miyembro ng Full Gospel Business Men.

Sasabihin n'yo, "Full Gospel?" Ganoon, nga.

<sup>68</sup> Yun lang kasi ang tanging bagay na maaaring pinuntahan ni Jesus para mangaral, ito ngang full Gospel. Siyanga. Hindi ba't tama naman? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tama nga, dahil Siya mismo ang full Gospel. Siyanga. Hindi Niya puwedeng itanggi ang Kanyang Sarili.

<sup>69</sup> Ngayon naman may ilan nga ako ritong mga Kasulatan na nailista rito, isang munting, karaniwan nang teksto, at di ko na ito patatagalin pa, kaya kung maaari'y samahan n'yo na ako sa pagbasa. At bago natin gawin ito. . . Ngayon, sa munti nating pagbubuklod-buklod at pagsasama rito, at napag-usapan na rin natin 'yung tungkol sa mga kamay ng osong, nakalagay sa timba, at marami pang iba, ngayon isantabi po muna natin ang lahat ng mga ito ngayon, at mataimtim na ihanda ang sarili. At, at nais natin ngayon na pumasok na sa malalalim na bahagi ng Salita.

<sup>70</sup> Iyuko po natin ngayon ang ating mga ulo, sa ating paglapit Dito. Pagkat, wala tayong karapatang lumapit sa Salita, nang hindi nakikipag-usap sa May Akda, muna.

<sup>71</sup> Habang nakayuko ang ating mga ulo, nakapikit ang ating mga mata, ako po'y umaasang nakayukong kasabay ng ating mga ulo ang ating mga puso. Iniisip ko, habang itinitingin ko ang aking mga mata at pinagmamasdan ang mga tagapakinig, mayroon kaya ritong nais magsabi, habang itinataas nila ang kanilang mga kamay, "Kapatid, na ministro, alalahanin mo po ako sa panalangin. Ako'y—ako'y sadya pong nangangailangan ngayon"? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka nga ng Diyos. Ngayon nakikita Niya ang kamay n'yo. Alam Niya kung anong nasa ilalim ng kamay n'yo, sa puso n'yo. Nawa'y ipagkaloob Niya ito, at 'yan ang dalangin ko.

<sup>72</sup> Minamahal naming Diyos, lubos kaming nagpapasalamat para po sa gusaling ito na kinaroroonan ngayon, ng Iyong mga abang anak, para kami'y makapagtipun-tipon nang sama-sama sa dakong ito, at sadyang makapangusap at magkasama-sama, nang taimtim sa aming sarili, habang ipinagpapasakop namin

ang aming sarili kay Cristo, at nag-aasam na higit pang maging kagaya Niya. Narito pong nakaupong malapit sa akin ang mga kalalaking nagmiministeryo, Panginoon, mga lalaking higit na may kakayahan na tumayo rito upang ihatid ang Salitang ito kaysa sa akin, na Iyong lingkod na di karapat-dapat, subalit naitalaga ito sa akin. At, Ama, dalangin ko, ngayong araw, na kung makapagsalita man ako ng isang bagay na sadyang hindi naaayon sa kalooban ng Diyos, na, bago ko pa man masabi ito, ay Iyo nang itikom ang aking bibig; gaya ng ginawa Mo sa mga bibig ng leon, isang araw, upang huwag nilang gambalain si Daniel.

<sup>73</sup> Ama, hinihiling namin ngayon na alalahanin Mo ang bawat isa, bawat ministro. At maging ang rebaybal na idaraos ngayon dito sa siyudad, Panginoon, sa Assemblies of God, akin ngang idinadalangin, mahal na Diyos, na padadalhan Mo sila roon ng tunay na rebaybal na talagang gigising sa buong siyudad sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos, nang sa gayon ang mga bahay-inuman sa paligid at mga kabataang pagala-gala sa lansangan ay maakay sa Luklukan ng Diyos, at mapuno ng Kanyang kabutihan at ng Kanyang Espiritu. Ipagkaloob Mo po ito, Makalangit na Ama.

<sup>74</sup> At idinadalangin namin ngayon, na kung may lalaki man o babae, batang lalaki o batang babae, na inakay sa pagtitipong ito ngayong umaga, para makasilong sa kublihang ito laban sa niyebe, nawa'y dalawin ng dakilang Espiritu Santo ang mga puso nila at mangusap sa kanila, sa isang mahiwagang paraan. Marahil ang ilan sa kanila'y naligaw sa malayo, gayong minsan tumanggap na sila sa Iyo, Panginoon, ngunit gayo'y lumayo; dalhin Mo po silang pabalik, Panginoon, ngayong umaga.

<sup>75</sup> At dumadalangin kami para sa sangay rito, kay Kapatid na Earl at sa maybahay niya, at sa iba pa. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

<sup>76</sup> Ngayon pagputul-putulin Mo po sa amin ang Tinapay ng Buhay, habang binubuklat namin ang mga pahina ng Salita, sapagkat batid naming ang Biblia ay hindi buhat sa sariling pagpapaliwanag. Hayan nga't, hindi kailangan ng Diyos na ipaliwanag pa namin ang mga Salita Niya, dahil Siya Mismo ang Kanyang sariling tagapagpaliwanag. Sinabi Niya minsan, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon nga ng liwanag. Sinabi Niya, "Isang dalaga ay maglilihi," at naglihi nga ang dalaga. "At sa huling mga araw ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman," kahit ano pang sabihin ng sanlibutan, ginawa Niya talaga ito. Hindi Niya kailangan ng tagapagpaliwanag. Siya Mismo ang nagpapaliwanag ng sarili Niyang mga Salita, sa pamamagitan ng pagpapangyari Rito at pagpapatibay Rito para maganap. Pumarito Ka po sa aming mga puso, Panginoon naming Jesus, at ipaliwanag sa amin, sa araw na ito, ang mga bagay na kailangan namin. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>77</sup> Ngayon sa Biblia, sige po bumuklat tayo. Naniniwala ako na di pa ako kailanman tumalakay ng kahit anong mensahe na pilit kong ipinangusap, nang hindi ko man lang binabasa muna ang Salita. Sapagkat, mabibigo ang aking salita, isa lang akong tao. Pero ang Kanyang Salita'y sadyang hindi talaga mabibigo, Siya ay Diyos. Kaya bumuklat na po tayo ngayon para sa isang maikling teksto, at makakalabas na tayo agad sa loob ng mga tatlumpu, apatnapung minuto, kung loobin ng Panginoon.

<sup>78</sup> Dito po tayo ngayon sa Apocalipsis, sige po bumuklat tayo sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis, simulan po natin sa ika-14 na talata. At nais nating basahin ang ilang bahagi lamang nito, isang Mensahe para sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. At naniniwala ako, at sa—sa palagay ko'y ang lahat ng mga taong puspos ng Espiritu at nagbabasa ng Biblia'y naniniwala, at makapagsasabi ng *amen*, na nasa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea na tayo, 'pagkat ito na ang huling kapanahunan. Pakinggan n'yong maigi ang Mensahe tungkol sa kalagayan ng iglesya sa panahong ito.

*At sa anghel ng iglesia sa . . . Laodicea ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios;*

*Nalalaman ko ang iyong mga gawa, . . . ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sana na ikaw ay malamig o mainit.*

*Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig.*

*Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba, . . . maralita, . . . dukha, . . . bulag, at hubad:*

*Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng . . . apoy, upang ikaw ay yumaman; at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita.*

*Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi.*

*Narito, ako'y nakatayo sa pintuan, at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig, at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko.*

*Ang magtagumpay ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman*



*na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.*

*Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*

<sup>79</sup> Pagpalain ng Panginoon ang pagbasa ng Salitang ito. Ngayon nais kong talakayin, sa ilang mga sandali, ang isang munting teksto, na pinamagatang, *Mga Pintuan Sa Pintuan. Mga Pintuan Sa Pintuan*. Ngayon tila napaka. . . *Doors In Door [Mga Pintuan Sa Pintuan sa Tagalog–Tag.]*, tatlong salita lang. *Mga Pintuan Sa Pintuan*.

<sup>80</sup> Marahil sasabihin n’yo sa akin, “Kapatid, nasa sandaang katao ang narito ngayon. Hayan nga’t, sa palagay mo hindi ba’t napakaiksi naman ng tekstong ’yan, para sa may sandaang kaluluwang nasa harapan mo?”

<sup>81</sup> Buweno, siguro nga’y, totoo naman ’yan, na—na maiksi ang tekstong ito. Pero wala naman ’yan sa sukat ng teksto, hindi—hindi ’yun ang mahalaga, kundi kung anong laman nito. Ang—ang mahalaga nga’y kung ano ang sinasabi ng teksto, ’yun ang mahalaga.

<sup>82</sup> Gaya na lang nung, sa palagay ko sa Louisville, Kentucky ito nangyari, maraming panahon na ang nakalilipas, may—may isang maliit na batang lalaki ang umakyat sa may attic, tapos pinakialaman niya ’yung mga lumang baul sa gilid nung attic, at bigla na lang siyang nakahanap dun ng isang lumang selyo. Buweno, ang unang pumasok sa isip niya’y, baka makabili siya ng sorbetes sa apa kung ibebenta niya ’yun. Nagkataong may kolektor noon sa kalye, kaya kumaripas siya palabas ng kalye, nang sinbilis ng makakaya niya. At sabi, “Anong ibibigay mo sa akin kapalit ng selyong ito?”

<sup>83</sup> Inusisa ’yun ng kolektor, at medyo kupas na nga ’yun. Sabi nung kolektor, “Bibigyan kita ng isang dolyar.”

<sup>84</sup> Aba’y, madaling naibenta ’yun. Ang iniisip nga nung bata kung maibebenta niya ’yun ng singko sentimos, masaya na siya dun, kasi maipambibili na niya ’yun ng sorbetes, pero naibenta niya ’yun ng isang dolyar. Nung ibinenta na ’yun nung kolektor aba’y umabot pa nang limang daang dolyar. At pagkatapos, di ko na alam kung ano nang nangyari dun, pero umabot pa ’yun nang daan-daan pang dolyar. Nakita n’yo po, kung titingnan isang maliit na kapisang papel lang, parang hamak na papel lang na di mo nga pag-aaksayahang pulutin sa sahig. Pero, wala ’yun sa liit nung papel, nasa nilalaman ’yun ng papel, ’yun ang mahalaga.

<sup>85</sup> At ganyan din ito sa pagbabasa ng Salita ng Diyos. Hindi lang ’yung kung anong papel ang ginamit, kung mahal ba ’yung papel, o kung gaano kalaki ’yung papel, kundi kung ano ang nakasulat dun sa papel. At isang salita lamang dito’y sapat na

upang makapagligtas ng sanlibutan, kung tatanggapin ito sa kaparaanang nakasaad dito.

<sup>86</sup> Maraming panahon na ang nakalipas may . . . May nabasa akong kuwento tungkol sa panahon ng ating magiting na . . . Isa sa pinakadakilang Pangulo sa palagay ko na nagkaroon ang bansa natin at—at 'yan si Lincoln. Hindi ko ito sinasabi dahil tubong Kentucky rin siya, kundi dahil isa siyang dakilang tao talaga. Napagkaitan man ng edukasyon, ngunit sa kabila n'yan ay—ay may kung anong bagay sa puso niya, may layunin.

<sup>87</sup> Gustong-gusto ko—ko talaga 'yung taong may malinaw na pananaw sa hinaharap. Gustong-gusto ko 'yung mga taong may ipinaglalaban at ipinaglalaban talaga 'yun, 'yung di lang ba basta pahiga-higa na lang na, “Buweno, bahala na kung anong mangyari.” Oh, aba'y tumayo ka riyan at kumilos ka! At si Lincoln po'y hindi niya kailanman hinayaang humadlang 'yung kakulangan niya sa edukasyon; may ginawa siya. Sa palagay ko'y dapat na maging ganoon ang bawat Cristiano, hanapin n'yo kung ano ang layunin n'yo at humayo kayo para gawin ito.

<sup>88</sup> Bawat kasapi ng maliit na sangay rito, dapat ay hindi lang 'yung, “Buweno, nagdaraos naman kami ng pagsasama-sama tuwing almusal kada buwan,” hindi lang dapat ganun, “o kada Sabado.” Magkaroon kayo ng layunin sa buhay, 'yung bang bagay na gagawin mo. Kumilos tayo. Inilagay ka rito ng Diyos; dapat mo ngang gawin ang nakaatang sa iyong gawin, bawat miyembro ng bawat iglesya. May rebaybal sa bayan. Nariyan nga ang rebaybal na 'yan dahil may layunin 'yan. Gawin nating kapaki-pakinabang ang gawaing 'yan. Kumilos tayo.

<sup>89</sup> G. Lincoln. May isang lalaking . . . batang-bata pang lalaki, siya'y—siya'y nasa digmaan, at—at ang kaso lang siya'y—siya'y duwag, na talaga. At nung inaasahan na siya sa tungkulin niya, kanyang—kanyang—kanyang inabandona ang tungkulin niya; at nakita nilang may sapat na ebidensya para idiin siya sa kaso na 'yun, kaya napagpasyahang babarilin siya. At, oh, hayan nga . . . ang saklap ng nangyari. At may isa pang lalaki dun na talagang may malasakit sa kanya, nagtungo ang lalaki kay G. Lincoln, para makakuha ng amnestiya. Siya ang pangulo nung panahon na 'yun, dito noon sa Estados Unidos, at kaya nga pinuntahan siya nung lalaki para makakuha ng amnestiya.

<sup>90</sup> At sinabi nung lalaki sa kanya, habang papalabas siya ng kanyang karwahe; at ito pong si G. Lincoln, may katangkarang, balbasin, 'yung tipikal na taga-timog ang itsura, payat. At sabi nung lalaki, “G. Lincoln, may isang binatilyong mamamatay, dalawang araw mula ngayon, babarilin po siya, dahil tumakas siya nung panahon ng digmaan.” At sinabi nung lalaki, “G. Lincoln, hindi masamang lalaki ang binatilyong ito. Pero dahil sa dami nung mahahabang baril na nagpuputukan, at—at ang dami-daming namamatay, natakot talaga siya. At labis siyang

naligalig, na, napataas siya ng mga kamay at nagsimulang magsisigaw.” Habol-habol dun ’yung lalaki, sabi, “Kilalang-kilala ko po ang binatilyong ito.” Sabi, “G. Lincoln, ang iyong pangalan lang sa kapisang papel na ito ang tanging makapag lilitgas sa kanya. Maaari n’yo po bang ilagda ’yun dito?”

<sup>91</sup> Siyempre, nilagdaan agad ng Cristianong ginoong ito, ang papel, “Pinatatawad, si *Ganito-at-ganoon*.” Inilagda niya dun ’yung pangalan niya, “Abraham Lincoln, Pangulo ng Estados Unidos.”

<sup>92</sup> Dali-daling bumalik ang mensahero sa abot ng makakaya niya. At humangos siya sa selda, sabi niya, “Malaya ka na! Malaya ka na! Narito na ang ano ni G. Lincoln, ang lagda ni G. Lincoln. Malaya ka na!”

<sup>93</sup> Sabi nung binatilyo, “Bakit ka pumarito para kutyain ako, samantalang batid mo namang mamamatay na ako bukas?” Sabi niya, “Ilayo mo ’yan sa akin, kinukutya mo lang ako.” At ayaw nga niya ’yung tanggapin. Sabi pa niya, “Hindi, hindi—hindi ko ’yan matanggap.” Sabi, “Inaano mo lang ako. . .” Sabi, “Kung galing nga ’yan sa—sa Pangulo,” sabi, “o di sana’y nakalagay riyang ang—ang sagisag niya, at nakalagay sana ’yan sa tamang papel ’yung ginagamit niya talaga.”

Sabi nung lalaki, “Pero lagda niya ito!”

<sup>94</sup> Sabi niya, “Papaano ko naman malalamang lagda nga niya ’yan?” Sabi niya, “Kinukutya mo lang ako, pinapagaan mo lang ang pakiramdam ko.” At bigla na lang siyang nagsisigaw dun, tumalikod. Binaril ’yung binata nung sumunod na umaga.

<sup>95</sup> Pagkatapos nung patay na ’yung binata, at ’yung pangalan ng Pangulo ay naroon pa rin sa kapisang papel na ’yun, na iginawad bilang amnestiya sana dun sa binata, ano na kayang kinahantungan nun pagkapatos? At mangyaring nilitis nila ang tungkol dun sa pangunahing korte. At narito ang desisyon ng pangunahin nating mga korte, na siyang pinakamataas sa lahat ng mga korte natin. Minsan nga may sasabihin sila, hindi natin gusto ang desisyon nila, pero kailangan pa rin nating sumunod kahit anong mangyari, kita n’yo, sapagkat doon nga sa kanila bumabaybay ang lahat. Sila ang pinakamataas. Ngayon, ang sabi dun sa desisyon, “Ang isang amnestiya ay di masasabing amnestiya maliban na tanggapin muna ito bilang amnestiya.”

<sup>96</sup> At ganyan din ang Salita ng Diyos. Ito’y isang amnestiya kung Ito’y tatanggapin bilang amnestiya. At Ito nga’y Salita ng Diyos, Ito’y kapangyarihan ng Diyos, sa mga sasampalataya Rito at tatanggap Dito.

<sup>97</sup> Kahit na, kilatisin mo man Ito, tapos sasabihin mo, “Oh, labo-labo naman ’yan, milyong beses na kaya ’yang isinalin, at kung anu-anong dipirensya.” Maaaring ganyan ang pagtingin ng kung sinu-sino riyang.

98 Pero, sa akin, Ito pa rin ang Salita ng Diyos, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Nakatali Siya sa tungkulin na manatili sa Salitang ito.

99 Ngayon kailangan nga Niyang hatulan ang iglesya, balang araw. At kung hahatol Siya na ang simbahang Katoliko ang magiging pamantayan, dahil ganoon daw kasi Siya hahatol ang sabi nila, kung ganoon alin sa mga simbahang Katoliko ang magiging pamantayan Niya sa paghatol? Aba’y magkakaiba sila sa isa’t isa. Kung hahatol naman Siya na ang Methodist ang magiging pamantayan, mapapahamak kayong mga Baptist n’yan. Kung hahatol Siya na ang Pentecostal ang magiging pamantayan, lahat kayong iba’y mapapahamak.

100 Subalit hindi Siya hahatol sa pamamagitan ng iglesya. Ang sabi ng Biblia, “Sa pamamagitan ni Jesus Cristo Siya hahatol, at si Cristo ang Salita.” Kaya kita n’yo wala tayong puwedeng idahilan, Salita Ito ng Diyos, na sa pamantayan na ’yan Kanya tayong hahatulan; at kahit katiting na bagay lang, mahalaga ’yan bilang bahagi Nito, sabi sa Apocalipsis 22:18.

101 Dito sa una, sisimulan ko sa Genesis. Ibinigay ng Diyos sa sankatauhan ang Kanyang Salita, upang maging pananggalang nila laban sa kamatayan, kasalanan, at kapighatian, o kahit anupamang kapahamakan. Isang maliit na bahagi, ng Kanyang mga Salita. “Huwag mong hihipuin ang punongkahoy na ito, sapagkat, sa araw na ikaw ay kumain niyaon, sa araw na iyon ika’y mamamatay.” Sadyang hanggang dun lang sa kakayanin ng pinakamahinang dugtungan ang buong tibay ng isang tanikala. At ang ating mga kaluluwa’y nasa ibabaw lamang ng impierno, habang nakakapit tayo sa tanikalang ito; kalasin mo ang isa sa mga dugtungan nun, tapos na para sa iyo. Si Eba nga’y hindi naman buong pangungusap ang binali, isang Salita lang ang kanyang binali, dahil kay Satanas. Nangyari ’yan sa unahang bahagi ng Aklat.

102 Sa kalagitnaang bahagi ng Aklat ay dumating si Jesus, at nagsabi, “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita.” Hindi dun sinabing bahagi lang, o isa nun sa dako rito at doon, kundi ang sabi, “Bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.”

103 Nung mamatay na Siya, nabuhay na mag-uli, at naparoon na sa Langit, at nagbalik upang ibigay kay Juan . . . mangyaring sinabi Niya dun pagkatapos Niyang mabuhay na mag-uli. Sabi, “Ano nang . . .” Sabi, “Ano nang mangyayari sa taong *ito*?”

104 Sabi ni Jesus, “Ano naman sa iyo kung siya’y mananatili hanggang sa Ako’y magbalik?” Hindi man niya batid nang eksakto kung hanggang saan ang buhay niya, pero patuloy pa rin siya sa pagmi-ministeryo niya. At Kanyang itinaas siya, sa ika-4 na kabanata ng Apocalipsis, at ipinakita sa kanya ang lahat

ng mga bagay na darating, na ating kinabubuhayan, hanggang sa panahon na binabanggit dito sa teksto natin.

<sup>105</sup> At pagkatapos sa ika-22 kabanata, sa huling kabanata, sa ika-18 talata, sabi Niya, “Ang sinumang mag-alis ng isang Salita sa Aklat na ito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kanyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay.” Kita n’yo? Kaya naniniwala tayo na nabubuhay ang tao sa bawat Salita ng Diyos. Sinasampalatayanan ko ’yan at batid kong totoo ’yan. Gaano mang kaliit, hindi ’yun ang punto dun. Isang salita nga lang, mapapahamak na agad.

<sup>106</sup> Iniisip ko ngayon ’yang tungkol sa pagiging maliit at tila hamak, dahil napansin ko ang mga kaibigan kong taga-Canada na nakaupo ngayon dito. Naaalala ko po nung nasa Canada ako noong si Haring George. . . Yun pong hari na nagkaroon ako ng pribilehiyong mapuntahan para ipanalangin, tapos pinagaling siya, sa sakit niyang multiple sclerosis; hirap na hirap talaga ang kalagayan niya nung araw na ’yun, dahil sa sclerosis, at nananakit din nang husto ang tiyan niya, dahil naman sa ulcer; gaya ng nalalaman ng marami sa inyo na mga taga-Canada, at maging ng mga Amerikano, rin naman. Sa kabila nun nakita ko siyang dumaan doon, nakaupo sa isang karwahe, isa—isa siyang hari. Haring-hari pa rin ang kilos niya. Nakaupo ang maganda niyang reyna sa tabi niya, naka-bughaw na kasuotan, habang nagdaraan siya sa mga lansangan.

<sup>107</sup> At isang kaibigan ko, at ako, magkasama kaming nakatayo dun. At nung dumaan ’yung karwaheng ’yun, ibinaling niya dun ang kanyang ulo at nagsimulang umiyak. Ipinatong ko ang kamay ko sa kanyang balikat, at sabi ko, “Anong problema?”

<sup>108</sup> Sabi niya, “Kapatid na Branham, dumaan kasi ang aking hari at ang reyna niya.” Buweno, ako—ako nga’y namangha.

<sup>109</sup> Kaya naisip ko, “Kung ang isang taga-Canada, sa ilalim ng pinuno ng pamahalaan, di pa nga pinuno ng pamahalaan nila, pero pinuno pa rin naman ng isang pamahalaan, ng Inglatera, at sa pagdaan nung haring ’yun, ay maluluha ang isang taga-Canada, habang ibinabaling niya ang kanyang ulo dun at iiyak, ano pa kaya kung makita na natin ang ating Hari?” At isipin n’yo nga, tayo nga ang Reyna.

<sup>110</sup> Pagkatapos pinalabas muna ang mga bata sa mga paaralan, ’yung maliliit na bata, inabutan sila ng maliliit, na bandila ng Britanya. May ibang tawag sila sa bandila ng Canada. Kapatid na Fred, ano nga uli ang tawag dun sa bandila ng Canada? [Sinasabi ni Kapatid na Fred Sothmann, “Union Jack.”—Pat.] Union Jack. Hayan nga’t inabutan nila ’yung mga bata dun ng maliliit, na bandila ng Britanya, para maiwagayway. At nung dumaan na ang hari, lahat ng maliliit na bata ay nagsitindig, iwinawagayway ang kanilang—kanilang maliliit na bandila, at

nagbunyi sa hari. At—at may mga banda ring tumutugtog, ng *God Save The King*, habang nagmamartsa siya sa lansangan.

<sup>111</sup> Oh, kung makikinita n'yo lang diyan sa eksenang 'yan. . . Makikinita n'yo kung anong magaganap sa pagkabuhay na mag-uli sa dakong 'yun!

<sup>112</sup> At nung sabihan na sila, ang maliliit na bata, na magsibalik na sa paaralan nung matapos na ang—ang parada. At, habang bumabalik na 'yung mga bata, nakaligtaan ng isang paaralan dun ang isang batang babae. At nagpunta sila sa lahat ng dako, upang hanapin 'yung munting bata, ginalugad nila ang buong kalsada. At, sa wakas, sa likod ng poste ng telegrama, naroo't nakatayo 'yung munti't, maliit, na bulilit, na batang babae, na todo ang iyak.

<sup>113</sup> Buweno, kinuha siya ng guro at. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] “Anong problema? Hindi mo ba nakita ang hari?”

Sabi niya, “Opo, nakita ko naman po ang hari.”

Sabi, “Hindi—hindi mo ba naiwagayway ang bandila mo?”

Sabi niya, “Opo, naiwagayway ko—ko naman po ang bandila ko.”

Sabi nung guro, “Buweno, kung ganun, bakit ka umiiyak?”

<sup>114</sup> Sabi niya, “Kasi po, titser, napakaliit ko po, nakatayo ang iba sa harapan ko, mas malalaki sila. At nung iwagayway ko na 'yung bandila ko, hindi naman po ito nakita nung hari.” At nagulumihan siya dahil dun. Buweno, marahil ganoon nga ang nangyari at hindi nakita ni Haring George ang munting batang 'yun, dahil sa liit. Hindi niya marahil nakita ang puso niyang makabayan, at kung ano ang damdamin niya para sa kanya. Napakaliit kasi nung batang babae.

<sup>115</sup> Subalit hindi ganun ang ating Hari! Oh, ang pinaka maliliit na bagay na ginagawa natin, ay nakikita Niya. At alam Niya ang mismong mga bagay at mga kaisipan sa ating mga puso, anuman 'yang pinagsusumikapan natin, gaano mang kaliliit 'yan. At papaano nga natin Siya mapaglilingkuran? Gaya ng paglilingkod natin sa bawat isa. Kung hindi ko kayo mahal, papaano ko nga masasabing minamahal ko Siya? Kita n'yo? “Yamang ginawa ninyo sa maliliit Kong ito, ay sa Akin ninyo ginawa.” Kita n'yo?

<sup>116</sup> Ito nga'y—ito nga'y nasa mga maliliit na bagay na di natin nagagawa, kung minsan, kaya nalalagot ang buong tanikala, kita n'yo, at napapariwara tayo, nagiging maka-denominasyon ang ating isipan, at nakakaligtaan natin ang mga mumunting bagay na siya naman talagang mga—mga bagay na mahalaga. Ang kabuoan, ang bawat Salita ng Diyos, ay mahalaga. Walang anuman Dito ang puwedeng babalewalain na lang. Kailangan nating tanggapin ang bawat Salita Nito, sa paraan kung paano Ito naisulat.

117 “Ako’y nakatayo sa pintuan,” ’yan ang sabi ni Jesus, dito sa Kapanahunan ng Laodicea, “at tumutuktok.” Napansin n’yo ba, ito lang ang tanging kapanahunan ng iglesya na nasa labas Siya ng Kanyang iglesya? Sa lahat ng iba pang kapanahunan ng iglesya, nasa loob Siya ng iglesya. Noon sa mga Methodist, at noon sa mga Lutheran, at iba pa, nasa loob Siya, ng iglesya. Subalit dito’y nasa labas Siya, ang ating mga kredo at mga bagay-bagay na gaya n’yan ang siyang nagpalabas sa Kanya sa iglesya. Subalit sa kabila n’yan nakatayo Siya sa labas, patuloy na tumutuktok, “Kung ang sinuman ay duminig at magbukas ng pinto, Ako’y papasok upang makasama siya, hahapong kasalo nila, at pagkakalooban siya ng kagalingan para sa kanyang mga mata, at—at kasuotan, at pagkakalooban siya ng mga kayamanan ng Langit; kung ang sinuman ay duminig sa Akin na tumutuktok.”

118 Inaalala ko pero di ko lang maalala ang pangalan ng pintor na ’yun na gumuhit nung larawan na ’yun, o nagpinta nung larawan na ’yun, ang ibig kong sabihin, tungkol dun sa pagtayo sa may pintuan. Nung kanya ngang... Alam n’yo po, ang lahat ng mga dakilang larawan na naroon ay dapat munang dumaan sa pasilyo, o, sa bulwagan ng mga kritiko, bago ’yun maaaring isabit sa Bulwagan ng Karangalan. Ang orihinal na larawan na ’yun kapag naisabit na dun ay papalo nang milyun-milyong dolyar.

119 Kaya naman, kita n’yo, para nga itong ang Iglesya, na dapat munang magdaan sa bulwagan ng mga kritiko. Dadaan talaga tayo. Babansagan kang “holy-roller;” babansagan ka ng lahat na ng kung anu-ano riyang maibabansag. Ngunit kung manghahawakan lamang kayo sa posisyon n’yo kay Cristo, balang araw dadalhin Niya tayo sa Bulwagan ng Karangalan. Subalit kailangan muna nating batain ang kritisismo. Doon lilitaw ang kababaan natin, doon natin ito maipapakita. “Ang hindi makapagbabata ng pagpaparusa ay anak sa ligaw, at hindi anak ng Diyos.” Kahit gaano pa siyang kasigasig na umanib sa iglesya, at anuman ’yang mga nagawa pa niya, wala pa rin ’yan, kung hindi niya kayang batain ang pagpaparusa, isa siyang anak sa ligaw, at hindi tunay na anak ng Diyos. Pero ang isang tunay, totoong anak ng Diyos ay hindi niya alintana anuman ang sabihin ng sanlibutan, ang lahat ng iba pang mga bagay ay pangalawa lang sa kanya. Ang isip niya’y nakatuon kay Cristo, at ’yun ang mahalaga sa kanya. Oo. Anuman ang sabihin ni Cristo na gawin, gagawin niya. Saanman magpunta ang Cordero, sumusunod sila sa Kanya, saanman magtungo. At pagkatapos n’yan ay masasaksihan n’yo na ang pagpapakita Niya, ang Presensya Niya, at mga bagay-bagay na ginagawa Niya. Siya’y sumasa bayan Niya sa tuwina, sa Kanyang Nobya. Siya’y nanunuyo. Pagkatapos ay magaganap na ang Paghapon ng Kasalan.

<sup>120</sup> At ang pintor na ito, hayan nga't, dumaan na 'yung likha niya sa mga kritiko, isang grupo ng mga kritiko ang nagtipuntipon sa palibot ng pintor na ito. Hindi ko lang maalala ang pangalan niya. Ang iniisip ko Michelangelo, pero siya 'yung naglilok nung bantayog ni Moises. Di ko lang po maalala ang pangalan niya. Pero, sige, may nagsabi dun, "Kahanga-hanga ang iyong larawan," sabi, "wala akong anumang masabi laban diyan sa larawan." Sabi pa, "Dahil, may hawak-hawak Siyang ilawan sa Kanyang kamay, ipinapakita n'yan na dumarating nga rin Siya, oo, sa pinakamadilim ng gabi." Tapos sabi, "At hayan ding nasa may pintuan Siya, nakalapit ang Kanyang ulo, ang Kanyang tainga, para di Siya. . . tiyak na mapalampas ang kahit mahina lang na tawag. Nilapit Niya ang Kanyang tainga sa may pinto, at tinutuktok Niya ang pinto." Sabi nung kritiko, "Pero, alam mo, ginoo, may isang bagay ka na nakalimutan mo sa larawan mo."

<sup>121</sup> At 'yung pintor, halos buong buhay ang ginugol niya para maipinta 'yun, sabi niya, "Ano po ba 'yung nakalimutan ko, ginoo?"

<sup>122</sup> Sabi nung kritiko, "Kahit ilang beses pa Siyang tumuktok, kita mo, nakalimutan mo namang maglagay ng bukasang dito. Walang bukasang nakakabit sa pintuan." Kung mapapansin n'yo ang pintuan, wala ngang bukasang 'yun.

<sup>123</sup> "Oh," sabi ng pintor, "Ganyan talaga ang pagkakapinta ko rian. Kita mo, ginoo," sabi niya, "nasa loob kasi ang bukasang. Ikaw ang siyang magbubukas ng pinto. Ikaw ang magbubukas nung pinto."

<sup>124</sup> Oh, anong dahilan at tumutuktok ang isang tao sa pintuan ng isa pang tao? Sinisikap nga niyang makapasok. Sinisikap niyang papasukin siya. Siguro'y may bagay nga siya na gusto niyang sabihin sa iyo o pag-usapan n'yo. Siguro'y may mensahe siya para sa iyo. At 'yun ang dahilan kung bakit tumutuktok ang mga tao sa pintuan ng isa't isa. Mayroon silang kung anong dahilan kaya tumutuktok. Hindi ka pupunta sa bahay ng isang tao maliban na lang kung may dahilan ka talaga para pumunta dun; dahil hindi puwedeng wala, pagdalaw man 'yan, hatiran siya marahil ng mensahe, o kung ano. May dahilan kung bakit pumupunta ang tao't tumutuktok sa pintuan ng ibang tao.

<sup>125</sup> Sa tuwing may katanungan, tiyak na may kasagutan. Hindi puwedeng may tanong tapos wala namang sagot. Kaya 'yan ang sinasaliksik natin sa Biblia, may mga katanungan tayo sa kapanahunan natin, at nasa Biblia ang sagot. At si Cristo ang Kasagutan.

<sup>126</sup> Ngayon, maraming mahahalagang tao ang tumuktok na sa mga pintuan, sa mga nagdaang panahon ng buhay, at marami na nga ang tumuktok sa panahong nagdaan; at marahil, sa pag-



usad pa ng panahon, napakarami pang, mahahalagang tao ang magsisituktok.

127 Ngayon, unang-una muna, marahil, kung may tutuktok sa pintuan n'yo, ang unang gagawin nyo nga'y, sisilipin n'yo muna at hahawiin ang kurtina, sisilipin n'yo kung sinong naroon.

128 Pero kung abala tayo, gaya ng sinasabi natin sa panahon ngayon, "Masyadong abala para magsimba; masyadong abala para *rito*. At, alam n'yo, hindi naniniwala ang simbahan ko sa ganyan." At, kita n'yo, medyo nalilihis na tayo, kung minsan, sa Salita.

129 Ang dapat nga sana'y hahawiin n'yo ang kurtina, tapos masisilip n'yo na kung sino 'yung nakatayo sa labas. At kung mahalagang tao 'yung nasa labas, aba'y dali-dali nga kayong tatakbo sa may pinto.

130 Ngayon babalik tayo nang kaunti, at pag-usapan natin ang ilang mga tao noon na maaaring tumuktok. Balikan natin ang panahon at isipin natin ang Faraon ng Egipto, maraming daang taon na ang nakalipas. Ano kayang mangyayari kung—kung si Faraon, ang hari ng Egipto, ay paparoon sa bahay ng isang magsasaka? At itong magsasakang ito ay tila ba medyo di sang-ayon kay Faraon, at hindi ito naniniwala sa mga patakaran ng hari, at iba ang pananaw niya sa hari. At—at, sa kabila nun ay heto't nakatayo ang Faraon, nakatayo sa may pintuan ng isang—isang tagagawa ng laryo o tagatupal ng putik, gaya ng tawag natin sa kanila, doon sa Egipto. At kanya ngang hahawiin ang kanyang kurtina, at naroon ang nakatayo ang makapangyarihang Faraon sa may pintuan. At tumutuktok nga 'yung hari roon; may ngiti sa mukha niya. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa isang bagay—Pat.] Aba, bubuksan ng magsasakang 'yun ang pintuan niya, at sasabihin, "Tuloy po kayo, dakilang Faraon, makasumpong nawa ng habag ang aba n'yong lingkod sa inyo pong paningin. Wala po akong bagay na maipagmamalaki sa loob nitong aking mga dingding, ako'y isa lamang alipin sa iyo, Faraon. Higit na karangalan ito para sa akin sampu ng aking mga kapatid. Naparito po kayo sa bahay ko, gayong isa lang akong mahirap na tao. Dumadalaw lamang kayo sa mga hari at—at sa mga maharlika, at mahahalagang tao. At ako nama'y di mahalaga. Ngunit iyong—iyong dinalaw ako, isang karangalan po ito sa akin, Faraon. Ano po ang maipaglilingkod ng inyong abang lingkod?" Kahit na ano pa ang hilingin nung Faraon, maging buhay pa niya, ay ibibigay niya 'yun. Ganoon nga. Isa kasi 'yung karangalan.

131 O, ipagpahalimbawa na lang natin, ang yumaong si Adolf Hitler, noong siya pa ang Fuehrer ng Alemanya. Ano kayang mangyayari kung sasadya siya sa bahay ng isang sundalo? At naroon ngang nakakampo sa palibot ang ilang mga hamak na sundalong Nazi, tapos, bigla-bigla na lang, aba, may tutuktok

sa pintuan. At siguro'y sasabihin nung hamak na sundalo, "Ah, napakasama ng pakiramdam ko ngayong umaga! Asawa ko, sabihin mo sa kanilang umalis na lang."

<sup>132</sup> At sisilip 'yung asawa niya sa pintuan, at hahawiin 'yung kurtina. Sasabihin nito, "Asawa ko! Asawa ko, tumayo ka na agad diyán, madali!"

"Ano bang mayroon? Sino bang nariyan?"

"Si Hitler, ang Fuehrer ng Alemanya!" Oh, grabe!

<sup>133</sup> Aba'y tatayo agad 'yung hamak na sundalong 'yun, dali-daling isusuot ang uniporme niya, magmamadali, tapos titindig nang tuwid. Lalakad dun sa pintuan, tatanggalin ang kandado nung pintuan, at bubuksan ang pintuan, at sasabihin, "Heil Hitler!" Kita n'yo, isa siyang dakilang tao, nung mga araw niya sa Alemanya. "Ano po ba ang maipaglilingkod ko?"

<sup>134</sup> Kung sasabihin niya, "Pumunta ka't tumalon sa banging 'yun sa labas," aba'y gagawin nung sundalo. Bakit? Wala nang iba pa, wala nang iba pang mas hihigit sa Alemanya, noong panahon ng mga Nazi, kundi si Adolf Hitler lang. Isa siyang dakilang tao. At siya'y... At, napakalaking karangalan 'yun, dahil ang dinadalaw lang niya'y mga heneral at mga dakilang tao, subalit narito siya sa pintuan ng isang simpleng sundalo! Oh, tunay na malaking karangalan talaga 'yun sa sundalong ito.

<sup>135</sup> Buweno, ngayon, ano kayang mangyayari kung sa Flagstaff naman 'yan mangyari? Sige dalhin natin 'yan sa sarili nating bayan. Ano kayang mangyayari kung ngayong hapon, ang—ang Pangulo natin, si G. Johnson, L. B. Johnson, ano nga kayang mangyayari kung lalapag siya sa isang eroplano, sa dako rito sa atin? At tayo namang lahat sa dako rito'y pare-pareho lang ang katayuan natin sa buhay. Mahihirap lang tayong lahat. Marahil may ilan sa atin na mas nakakaangat ang hanapbuhay, marahil mas maganda nang kaunti ang bahay, pero, kung tutuuusin, mga simpleng tao lang talaga tayo. Pero ano kayang mangyayari kung dadalaw ang pangulo rito sa inyong bahay, marahil sa pinakamababa sa ating lahat dito, at tutuktok siya sa pintuan; at pagpunta mo sa pintuan, narooing nakatayo si Pangulong L. B. Johnson? Aba, napakalaking karangalan 'yun. Maaaring iba ang pananaw mo sa kanya, sa pulitika. Subalit napakalaki ng karangalang natamo mo, na tatayo sa pintuan mo ang Pangulo ng Estados Unidos. Sino ka o sino ba ako? Na nariyang tatayo si Lyndon Johnson sa pintuan mo! Kahit na Sosyalista ka pa o Republican man, o milyong milya ang pagkakaiba ng pananaw mo sa kanya, kahit ganun isa pa rin 'yung karangalan.

<sup>136</sup> Alam n'yo ba kung bakit ganoon? Dahil napagkalooban ka ng ganoong klaseng karangalan, aba, ipapalabas talaga 'yan sa telebisyon ngayong gabi. Sigurado nga 'yan. Yung mga lokal na pahayagan ay kanilang ilalathala kinabukasan ang tungkol diyán at pinaka ulo pa ng mga balita, sasabihin ng pahayagan

dito sa Flagstaff, na, “Isang *John Doe*. Lumapag ang Pangulo ng Estados Unidos sa Flagstaff kahapon, biglaan, at madaliang dumalaw, kahit walang pasabi, at tumuktok” sa pintuan n’yo. Kababaang-loob! Makikilala ang Pangulo na may kababaang-loob, dahil kahit gaano siyang kadakila, pumarito pa rin siya sa akin o sa pintuan n’yo; di naman tayo sikat, pero dumalaw pa rin siya sa atin at nakipag-usap.

<sup>137</sup> Aba, sa paglalakad-lakad mo nga riyang sa kalsada, aba’y masasabi mo, “Oo, ako ’yun. Ako ’yung dinalaw ng Pangulo.”

<sup>138</sup> “Huwag ka munang gumalaw, kukunan kita ng—kukunan kita ng litrato. Diretso lang ang tingin sa akin. Ngayon anong itsura n’yo po noon nung lumakad na kayo palayo?” Magiging mahalagang tao ka na n’yan. Sigurado ’yan.

<sup>139</sup> Ano nga kayang mangyayari kung darating ang reyna ng Inglatera, bagama’t di kayo sakop ng kanyang pamamahala? Pero kahit na hindi’y magiging karangalan para sa ilan sa inyo na mga kababaihan dito na patuluyin ang reyna ng Inglatera, kahit na hindi kayo sakop ng kanyang pamamahala. Dahil, kahit na hindi’y isa pa rin siyang dakilang tao, siya ang pinaka dakilang reyna sa buong mundo, sa panahong ito. Tunay, siya nga, basta sa usaping pulitika. Mangyaring kung hihingin niya ’yung isang maliit na palamuti na nakasabit sa dingding n’yo, kahit lubos n’yong pinahalalagan, aba’y ibibigay n’yo pa rin ’yun sa kanya. Isang karangalan kasi para sa inyo na gawin ’yun. Dahil nga, siya ang reyna ng Inglatera.

<sup>140</sup> At pararangalan kayo, ng Pangulo. At paguusap-usapan ng lahat ang kababang-loob ng reyna ng Inglatera, na lumipad pa nang kay layo-layo para makipagkita lang sa isang babae na taga-Flagstaff, na di naman sikat na babae. At ilalathala ’yan ng mga pahayagan, at ipapalabas ’yan sa mga balita.

<sup>141</sup> Pero, alam n’yo ba, ang pinakamahalagang Tao sa lahat ng kapanahunan, si Jesus Cristo, ay tumutuktok sa ating pintuan. At Siya’y mas binabalewala, kaysa sa lahat ng mga hari at ng mga monarkiyang lumitaw kailanman. Ganoon nga. At siguro’y tatanggapin mo Siya at sa paglabas mo’y ipapamalita mo ang tungkol dito, pero pagtatawanan ka lang ng mundo sa labas nang harap-harapan. Walang magiging balita . . .

<sup>142</sup> Sino ang maaaring pumunta sa bahay n’yo, na hihigit pa kay Jesus Cristo? Sino ang maaaring tumuktok sa pintuan n’yo, na hihigit pa kay Jesus Cristo? Sino ang maaaring humigit? Hayan ang Anak ng Diyos, na maaaring tumutuktok sa bahay n’yo, sino riyang ang hihigit pa? At gayunpaman ay tumutuktok Siya, araw-araw. At kung tatanggapin n’yo Siya, babansagan nga kayong panatiko. Kaya, nakita n’yo na kung papaano ang pagtangkilik nitong sanlibutan sa sariling kanya? Ganoon nga. Hayan nga’t di rin Siya darating maliban na may dahilan ang pagdating Niya.

143 At kung iisip-isipin n'yo ang kababaang-loob ng Pangulong Johnson, o ng reyna ng Inglatera, o ng sinumang dakilang tao, namamangha na kayo agad sa pagpapakita, ng kababaang-loob ng dakila't mahalagang tao na 'yan na tumutuktok sa pintuan n'yo!

144 Papaano naman kaya kapag kababaang-loob na ng Anak ng Diyos? Sino ba tayo kundi hamak na makasalanan, marumi, "ipinanganak sa pagkakasala, inanyuan sa kasamaan, naparito sa sanlibutan na nagsisipagsalita ng mga kasinungalingan?" At pagkatapos darating ang Anak ng Diyos at tutuktok sa pintuan n'yo.

145 Ngayon, maaaring humingi ng pabor sa inyo ang reyna ng Inglatera. Maaaring kumuha siya ng isang bagay mula sa inyo. Gayundin ang Pangulo marahil, maaaring hilingin niya sa inyo na gumawa kayo ng mga bagay-bagay na di n'yo naman talaga gustong gawin. Maaaring hingin niya sa inyo ang mga bagay na iniingat-ingatan n'yo na di n'yo gustong ipamigay na lang nang basta, at pagkatapos hindi naman 'yun ganoong kahalaga, rin sa kanya.

146 Subalit si Jesus ang may dala-dala pa para sa inyo kapag Siya ang tumutuktok. May dala Siyang kapatawaran. Huwag n'yo itong tanggihan. Sapagkat, kagaya na lang ng nilitis dito sa korte natin noon, ay ganoon din 'yun sa Kaharian ng Langit. Na kung tutuktok Siya't dala-dala itong kapatawaran, at tapos ay tatanggihan n'yo, at mamamatay kayo sa mga kasalanan n'yo, kayo nga'y mapapahamak; kahit na nabigyan pa kayo ng pagkakataong maupo sa ganitong klaseng pagtitipon, kahit na nabigyan pa kayo ng pagkakataong makadalo sa rebaybal, o sa simbahan n'yo, at nakapakinig sa pastor n'yo na nangangaral ng mensahe ng Ebanghelyo. At pagkatapos sasang-ayunan ka pa ng mga nagsipagdalo dun, sasabihin mo, "Oo, nandun nga ako." Marahil, hindi mo, halos masabi ang lahat ng gusto mo sanang sabihin. "Narinig ko ang pag-aawitan. Nasiyahan ako roon. Narinig ko ang mga patotoo. Tunay nga ang mga 'yun." Subalit hindi mo naman Ito tinanggap.

147 Papaano kung ipagpapahalimbawa na lang nating isa akong binata at may dalaga akong nakita; maganda siya, isa siyang Cristiano? Siya'y magiging ulirang. . . Saan man tingnan siya'y pasadong- . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Hindi talaga kayo makakasumpong ng kapintasan Dito, kaya nararapat lang na isantabi n'yo ang mga tradisyon ng tao. Sasabihin n'yo, "Oh, naniniwala akong tama Iyon. Nakita ko, hayan nga. . ." Pero kailangan n'yo Itong tanggapin. Kayo'y. . . Samakatwid 'yung babae'y magiging bahagi ko. Gaya na lang na magiging bahagi kayo ng Salita, na sa madaling sabi'y ang Nobya. Kung Siya ang Salita, ang Nobya nga ang magiging Nobyang-Salita. Kita n'yo, tunay ngang magiging ganun! Kita n'yo, pero kailangan n'yo talaga Itong tanggapin. Maaari n'yong. . . Marahil marami

kayong masasabi tungkol sa kung anu-ano, maipagmamalaki n'yo marahil ang tungkol dun sa Pangulo; pero kapag si Jesus na ang naroon sa may pintuan natin, binabalewala lang natin Siya. Kita n'yo, na para bang ayaw nating magkaroon ng kahit anong kaugnayan sa Kanya. Sasabihin pa natin, "Buweno, sa ibang araw na lang siguro."

<sup>148</sup> Papaano kung kayo naman ang tutuktok dun sa pintuan ng isang tao? Sige baliktarin natin ang sitwasyon pansumandali. Papaano kung kayo naman ang pupunta dun tapos tutuktok sa pintuan ng isang tao, at mayroon kayong bagay na dala-dala para sa kanila? At, pagkatapos, kung paano n'yo tratuhin ang Diyos ay ganoon din ang gagawin nila sa inyo; buweno, kung ganoon nga, aba'y, wala namang kaso, kasi di n'yo naman sila inoobliga. Kaya ganyan nga ang mangyayari na tutuktok kayo sa pintuan ng isang tao, at sisilip sila sa may bintana, at isasara 'yung kurtina; o kaya naman lalapit sila dun sa may pintuan, at sasabihin, "Sa susunod na araw na lang!"

"Buweno, gusto ko sanang . . ."

<sup>149</sup> "Aba'y wala akong oras ngayong umaga!" Alam n'yo po ba kung anong gagawin n'yo? Sa malamang 'yung gagawin ko ang gagawin n'yo, gaya nung iba pang tao, hindi na kayo babalik pa.

<sup>150</sup> Ngunit iba si Jesus. "Ako'y nakatayo, at tumutuktok," patuloy na tumutuktok. [Patuloy na kumakatok si Kapatid na Branham sa isang bagay—Pat.] Kita n'yo? "Ang humahanap," hindi sinabi roong humanap. "Humahanap! Ang tumutuktok!" Tumutuktok, kapag sinabing tumutuktok ay tuluy-tuloy 'yun, tumutuktok! Kita n'yo, "Ang humahanap, ang tumutuktok, ay . . ." Hindi lang . . .

<sup>151</sup> Gaya na lang ng talinghaga tungkol dun sa likong hukom. May nagpuntang babae't nagnanais ng ganti, na iganti siya, subalit hindi niya matamo 'yun. Siya'y . . . Tuluy-tuloy siyang tumuktok at nagsumamo. At sabi tuloy nung hukom . . . "Para lang matigil na siya, igaganti ko siya sa kanyang kaaway."

<sup>152</sup> Gaano pa kaya ang Makalangit na Ama? Kita n'yo, dapat nga'y tayo 'yung tumutuktok dun sa pintuan Niya. Si Adan nga ang dapat na tumatakbo nang pabalik-balik sa halamanan, sumisigaw, "Ama! Ama, saan Ka naroon?" Ngunit sa halip, sa halip na ganun, ang Diyos ang pabalik-balik na tumatakbo sa halamanan, "Anak! Anak, saan ka naroon?" Kita n'yo, ipinapakita lang n'yan kung ano talaga tayo. Na palagi tayong nagtatago, sa halip na lumabas at ipahayag ang pagkakamali. Gustong-gusto nating tumakbo, magtago sa likod ng kung anu-ano. Sadyang ganyan ang kalikasan ng tao, ganyan nga tayo. Siyanga, po.

<sup>153</sup> Kaya mo ngang ibigay sa mga tao ang lahat ng maiinam na bagay na mayroon ka, lahat na. Pero di n'yo, di n'yo—n'yo—n'yo

matanggap-tanggap si Jesus. Hindi po kayo ang tinutukoy ko, kundi 'yung mga taong ganun ang ibig kong sabihin.

<sup>154</sup> O marahil sasabihin n'yo ang ganito, siguro sasabihin n'yo, "Mangangaral, nagawa ko na 'yan. Akin—akin nang binuksan ang puso ko't pinapasok si Jesus. Nagawa ko na 'yan sampung taon na ang nakalilipas. Nagawa ko na 'yan dalawampung taon na ang nakalilipas." Buweno, siguro'y nagawa n'yo naman na talaga 'yan, ngunit hanggang dun na lamang ba ang gagawin n'yo? Kita n'yo?

<sup>155</sup> Gusto kong tanungin kayo ngayon. Kung aanyayaan n'yo ang isang tao sa inyong bahay, at pagkatapos ay nakapasok na kayo sa pintuan. . . Pinapasok na kayo, ang ibig kong sabihin, sasabihin, "Tuloy ka."

<sup>156</sup> "Siyanga pala, ang dahilan ko, ay para pagpunta ko dun sa bayan ako'y kikilalanin, kita mo." Maraming tao ang ganyan ang pagkakatanggap kay Cristo. "Ako'y. . . ako'y—ako'y kaanib sa iglesya. Kaanib ako sa malaking *Ganito-at-ganoong* lugar dito, kung saan kaanib din si Doktor Ph. LL., alam mo na. At 'yun ang pinakamalaking iglesya. Dumadalo ang alkalde roon, at naroon ang lahat, alam mo. Ako'y—ako'y kaanib sa iglesyang 'yun." Ganoon lang ang pagpapapasok nila sa Kanya, ganoong kababaw lang. "Oo, tinatanggap ko naman Siya," kita n'yo, pero para sa pansariling kapakinabangan lang.

<sup>157</sup> Subalit ano nga dapat ang mangyari kapag pumasok na si Jesus sa puso? Napakaraming tao ang tumatanggap sa Kanya 'pagkat ayaw lang nilang mapunta ng impyerno. Subalit kapag pumasok na si Jesus sa puso n'yo, nais talaga Niya'y maging Panginoon. Hindi lang isang Tagapagligtas; kundi Panginoon, rin naman. Ang *Panginoon* ay "pamumuno." Pumapasok siya upang—upang mangasiwa.

Ngayon sasabihin n'yo, "Ganoon ba talaga 'yun, Kapatid na Branham?" Ganoon nga.

<sup>158</sup> Papaano kaya kung—kung aanyayaan ko kayo sa bahay ko, at papasok kayo sa pintuan? At tutuktok kayo sa pintuan, at sisilip ako sa labas, sasabihin ko, "Sige, tumuloy ka na. Kung matutulungan mo ako, buweno, tulungan mo ako. Pero ngayon, kung papasok ka rito, ayaw kong makikialam ka rito sa bahay ko. Tumayo ka lang diyan sa may pintuan!"

<sup>159</sup> Tandaan n'yo, ang teksto natin ay "mga pintuan" sa loob ng pintuan. Ngayon, sa loob ng puso ng tao ay marami riyang maliliit na pintuan, at ang mga maliliit na pintuang 'yan ay para sa iba't ibang mga bagay. Yung papapasukin lang Siya sa loob, ay di nangangahulugang 'yun na 'yung, pagpapapasok n'yo sa Kanya.

<sup>160</sup> Kung papasok nga ako sa bahay n'yo, kung patutuluyin n'yo ako sa may pintuan, aba, kung sasabihin n'yo, "Tumuloy ka, Kapatid na Branham. Labis akong nagagalak na makita ka!"

161 Sasabihin ko, “Buweno, isang pribilehiyo sa akin ang makapasok sa inyong bahay!”

162 “Oh, tumuloy ka’t maupo rito? Kapatid na Branham, kahit libutin mo pa ang buong bahay, ipagpalagay mo nang tahanan mo na rin ito!” Oh, kay ganda!

163 Pupunta ako dun sa pridyder, ikukuha ko ang sarili ko nung tinapay n’yo dun na ang kapal ng palaman, mga *ganitong* kakapal, huhubarin ko ang sapatos ko, at didiretso sa silid-tulugan at hihiga dun. Aba’y talaga—talaga namang galak na galak ang tiyan ko n’yan, kita n’yo. Bakit? Dahil damang-dama ko na malugod n’yo akong tinanggap. Malugod n’yo nga akong tinanggap. Kung kaya naman ikatutuwa ko ’yun dahil malugod n’yo akong tinanggap.

164 Pero kung pupunta ako sa bahay n’yo, tapos pagsasabihan n’yo ako, “Tumayo ka lang diyan sa pintuan, ngayon, at huwag kang makikialam ng kahit ano sa paligid!” Aba’y hindi ko mararamdamang tanggap ako. Kayo ba? Hindi rin, kita n’yo, hindi n’yo mararamdamang tanggap kayo dun. May magyayaya sa inyong pumasok, tapos sasabihin, “Ngayon teka lang! Sige, puwede kang pumasok, pero tumayo ka lang dito!”

165 Ngayon, may isang maliit na pintuan kapag papasok ka sa puso ng tao. Pag-usapan lang po natin ang ilan sa mga ito, kita n’yo. Wala tayong maraming oras para talakayin ang lahat ng mga pintuang ito, ’pagkat napakarami nito. Kita n’yo? Ngunit, siguro, sa susunod na sampung minuto, pag-usapan natin ang ilan, mga tatlong pintuan.

166 Ngayon, sa gawing kanan sa loob ng puso ng tao, kapag papasok ka sa pinaka pintuan, may maliit na pintuan sa kanan, at ang tawag nila, dun, ay pintuan ng pagmamataas sa sarili. Oh, naku! “Huwag Kang papasok sa pintuang ’yan!” Ayaw nga nilang papasukin ang Panginoon diyan, sa pintuang ’yan, ng pagmamataas sa sarili. “Dugong bughaw ako. Hindi lang ako basta-basta! Oh, ganoon nga, ngayon tingnan mo, sinasabi ko nga sa iyo, ako’y—ako’y. . .” Kita n’yo, pagmamataas sa sarili. “Huwag Kang makikialam diyan!” Ngayon, hindi Niya talaga mararamdamang malugod ang pagtanggap hangga’t hahayaan mo lang na nakasarado ang pintuang ’yan ng pagmamataas sa sarili.

167 Kailangan Niya kayong ibaba. Kita n’yo, ’yun ang dahilan kung bakit Siya papasok dun. “Ibig mo bang sabihin kailangan kong bumaba sa kalagayang ’yun at—at kikilos na gaya ng iba pa?” Buweno, hindi mo naman kailangan, kung tutuusin nga. “Buweno, sinasabi ko nga sa iyo, ano na lang sa palagay mo ang mangyayari sa akin kapag pupunta ako sa pulong namin sa negosyo sa susunod na araw? Anong mangyayari sa akin kung nandun din ang aking—aking boss bukas? At tapos, lulukob sa akin ’yung Espiritu na ’yun, tapos magtatatalon ako dun, sa

kalagitnaan ng trabaho ko, at mag-uumpisang magsasalita ng iba't ibang wika, oh, mapapahiya ako nun. Hindi puwede 'yun, manatili Ka lang diyan sa labas!”

<sup>168</sup> Kita n'yo, hayan nga, kita n'yo. Oo, pinapapasok n'yo nga si Jesus, nakikianib nga kayo sa iglesya at naipalilista n'yo 'yung pangalan n'yo dun, natatanggap si Jesus bilang Tagapagligtas n'yo; pero papaano naman 'yung pagiging Panginoon sa inyo, kung saan buo ang Kanyang pamamahala? Dahil kapag Siya'y Panginoon, nasa Kanya ang lahat, pag-aari Niya kayo; kayo, buong-buo kayong nakapasakop sa Kanya ngayon.

<sup>169</sup> Ngunit ang munting pagmamataas sa sarili na 'yan. “Oh, ibig mo bang sabihin, kami na mga kababaihan, kailangan naming pahabain ang aming buhok?” Buweno, 'yun ang sabi Niya. “Kailangan ba talaga naming huminto sa paglalagay ng manicure, o paglalagay ng kolorete sa mukha namin?” Iyon ang sabi Niya. “Buweno, papaano na lang 'yung mga amiga ko sa pananahi? Tatawagin nila akong makaluma.” Buweno, pairalin mo lang 'yang pagmamataas mo sa sarili. Sige lang. Tatayo lang Siya riyan sa may pintuan, hanggang doon lang Siya.

<sup>170</sup> Subalit kung handa ka nang buksan ang pintuang 'yan, sige lang patuluyin mo na Siya, Siya na ang bahalang maglinis n'yan para sa inyo. Mapupunta ang shorts dito sa basurahan, at labas, at 'yung kolorete'y tatambak dun sa basurahan, at 'yung taga-gupit ng buhok ay magugutom hanggang mamatay kung ang ginugupitan lang niya'y buhok ng mga babaing, tunay na mananampalataya.

<sup>171</sup> Ngayon sasabihin n'yo, “Hindi naman ganyan 'yan!” Oh, oo, ganun 'yan, hayan nga. Ganoon ang sabi ng Biblia. Siyanga. Kita n'yo, nariyan ang katiting na salita na 'yan, na hindi n'yo gustong pakialaman Niya kayo.

“Buweno, ang pastor ko kasi!”

<sup>172</sup> Wala akong pakialam anuman 'yang sabihin ng pastor n'yo. Ganoon ang pagkakasabi sa Biblia, “Kahiya-hiya para sa isang babae na gawin ang gayon.”

<sup>173</sup> “Buweno,” sasabihin n'yo, “hindi ba't ang dapat na ituro mo sa amin, Kapatid na Branham, ay kung papaano matatamo ang Banal na Espiritu, at kung papaano magiging *ganito*, *ganyan*.” Papaano kayo matututo ng algebra kung di n'yo pa alam ang inyong ABC? Ni di n'yo pa nga alam ang nararapat, na kilos, na gawi, ang dapat na pananamit. Kahiya-hiya nga na makakita ng ganyang mga kababaihan sa lansangan ngayon.

<sup>174</sup> May pinuntahan akong isang lugar kahapon, tapos, oh, may pumasok dun na magbabarkadang naliligaw ng landas. Sila, 'yung mga lalaki 'yung kanilang buhok ay nakatakip na sa mata nila, nakalaylay nang paganoon at ang haba sa kanilang likod, tapos hapit na hapit 'yung mga damit, na parang damit ng maliliit na bata sa paaralan, naglalakihan 'yung suot nilang



sapatos, tapos medyo nakangiwi 'yung bibig. Masasabi n'yong mga delingkuwente sila. Tapos pumasok sila dun, sabi, "Mga Pranses kami."

<sup>175</sup> Sino naman kayang kukuha sa ganoong klaseng lalaki na mamamasukan sa negosyo niya? Papaano sila makakakuha ng trabaho? Samantalang nandun din naman ang ilang disenteng binata na nakaupo. . . . Hayan nga't galing daw sa unibersidad sa lugar na 'yun, itong mga beatnik na ito, o para yatang *bugs* o *beatles* 'yung tawag nila sa sarili nila, o basta parang ganoon, parang katulad dun sa pinasisikat ngayon galing Inglatera. At kaya naman hayan nga, sino kayang kukuha sa ganung klaseng lalaki na pagtrabahuin n'yo sa inyo? Maglalagay ba kayo ng ganung klaseng lalaki sa negosyo n'yo, mga negosyante? Kung maglalagay kayo, aba'y, kakaiba naman yata, kayo nga'y hindi pa nakalalapit nang sapat sa Krus.

<sup>176</sup> Tingnan n'yo itong mga kababaihan sa lansangan, aba'y kahiya-hiya talaga! Marahil itong munting mga kababaihan na ito'y walang kamalay-malay at nakapagsuot lang ng maiiksing damit, kita n'yo, buweno, kahiya-hiya pa rin, ang ganoong ayos nila. Buweno, masasabi n'yo nga, "Naku, babae, nagkakasala ka ng pangangalunya."

<sup>177</sup> Sasabihin nila, "Sandali nga lang, iho! Malinis na malinis talaga ako. . ." Siguro'y tama ka nga, sa sarili mong pananaw. At maaaring malinis nga naman talaga, na mapapatunayan pa ng pagsusuri ng mga doktor, na malinis ka namang talaga.

<sup>178</sup> Ngunit, tandaan mo, sa Araw ng Paghatol, mananagot ka sa salang pangangalunya. Sinabi nga ni Jesus, "Ang bawat tumingin sa isang babae na taglay ang pagnanasa ay nagkasala na ng pangangalunya kasama ng babae sa kanyang puso," at tapos inilalantad mo ang sarili mo sa lalaki. Nakita n'yo na ang pagbulag sa kanila ng diyablo? Nakakahiya. Kahiya-hiya talaga. Nakita n'yo na, sila'y—sila'y nagkaroon ng espiritu. Isang espiritu ang may gawa nun. Isang espiritu ng kawalan ng kabanalan.

<sup>179</sup> Subalit ang tunay na Espiritu Santo ay magbubunsod sa isang babae na magdamit nang disente at magmukhang banal.

<sup>180</sup> May sinabi sa akin ang maybahay ko, minsan. Naglalakad kami noon sa kalsada, at nakakita kami ng babaing ganoon manamit, doon sa probinsya namin. Nakapagtataka lang, kita n'yo, na walang masyadong Pentecostal sa lugar namin. Kaya, 'yun na nga't nakita namin 'yung babae na ganoon manamit. At sabi ng maybahay ko, "Billy," sabi, "Kilala ko ang ilan sa mga babae na 'yan. Mga taga-awit nga sila sa harapan para sa mga simbahan dito."

Sabi ko, "Ganoon pala."

Sabi, "Buweno, at sinasabi nilang mga Cristiano raw sila?"

Sabi ko, “Honey, tingnan mo. Kita mo, hindi tayo . . .”

Sabi, “Bakit ganun ang mga kababayan natin?”

Sabi ko, “Tingnan mo, honey, di naman kasi tayo kabilang sa kanilang—kanilang lahi.”

Sabi niya, “Ano?” Sabi, “Pero mga Amerikano sila.”

Sabi ko, “Oo, pero tayo ang hindi.”

Sabi niya, “Tayo ang hindi?”

Sabi ko, “Hindi nga.”

<sup>181</sup> Sabi ko, “Nung nagpunta ako noon ng Alemanya, nakita ko roon ang espiritu ng Alemanya. Noong nagpunta naman ako ng Finland . . .” Dun nga sa sauna nila roon, alam ’yan ng marami sa inyo na mga taga-Finland, aba’y pinaliliguan ng mga babae ang mga lalaki. Mangyaring, ganyan lang talaga ang espiritu ng Finland. Tunay namang mababait na tao, ngunit, makikita n’yo, saan man kayo magtungo, makikita n’yo ang espiritu ng bawat bansa.

<sup>182</sup> Pumasok kayo sa isang simbahan at masdan n’yo ’yung pastor nila dun, kung magalaw siya at paroo’t parito, magiging ganun din ang kongregasyon. Kita n’yo? Nakukuha nila ang espiritu ng isa’t isa sa halip na ang Espiritu Santo.

<sup>183</sup> Iyan ang dahilan kung bakit napakarami nating baluktot na turo ng Biblia. Sa halip na bumalik sa orihinal na disenyo, ang kinuha nila’y espiritu ng kung anong denominasyon. Kita n’yo? Tapos ’yung Salita na ang naging kakaiba sa kanila kung papaano nga Ito naging kakaiba noong panahon na dumating si Jesus, na totoong Ebanghelyo noon ang ipinakikilala. Sabi nila, “Isa siyang diyablo. Siya’y Beelzebub.” Kita n’yo? Siguro nakukuha n’yo naman ang ibig kong sabihin.

<sup>184</sup> Tapos sabi ng maybahay ko, “Buweno, kung ganun nga, na hindi tayo mga Amerikano, ano tayo?”

<sup>185</sup> Sabi ko, “Ang ating Kaharian ay sa Kaitaasan.” Kita n’yo, tayo ay mga malaya’t, ipinanganak na muli. Ang Kaharian ng Diyos ay sumasainyo. Kita n’yo, kumilos kayong gaya roon sa Itaas, dahil mga kinatawan kayo buhat sa Itaas. Sabi ko, “Mga mamamayan tayo rito, na namumuhay nga sa laman. Subalit, sa mga espiritu natin, mga manlalakbay tayo at mga taga ibang bayan.” Mga dayuhan nga tayo sa sanlibutan, maging sa sarili nating bansa, sapagkat tinanggap natin ang paanyaya nung tumuktok ito sa puso natin, upang maging bahagi Niya, ng Kanyang Salita. At inilalagay tayo sa ayos nitong Salita, na ipinangyayari sa atin na mamuhay at nagbubunsod sa atin na kumilos na gaya ng mga Cristiano.

<sup>186</sup> Ilang panahon na ang nakalipas, sa Timog, isang maikling kuwento lang po. May isang hari noon . . . o, isang namimili po pala. Nagbebenta sila roon ng mga alipin. Panahon ’yun ng—ng

segregasyon, at may mga alipin sila sa Timog. Sila nga'y . . . Sila nga'y nagtutungo sa isang lugar at binibili 'yung mga alipin, na para bang bumibili ka lang ng segunda manong kotse, sa isang bilihan ng kotse.

<sup>187</sup> Ngayon, ako po'y para sa integrasyon, ganap na para sa . . . segregasyon po pala ang ibig kong sabihin. Ako'y para sa segregasyon. Sapagkat, kahit ano pa 'yang sabihin ng iba riyon, hindi ka puwedeng maging Cristiano tapos para sa integrasyon ka. Ganoon nga 'yun mismo. Maging ang Diyos ay nagbubukod ng bansa para sa Kanya. Ibinubukod Niya ang Kanyang bayan. "Magsialis kayo sa kanila!" Siya'y para sa . . . Siya'y para sa segregasyon. "Huwag na huwag . . . Huwag kayong magsihipo ng mga bagay nilang marumi!" Hinango Niya ang Israel, ang lahi ng mga Hudyo, palabas ng bawat, lahat n'yan na mga lahi sa sanlibutan. Siya'y para sa segregasyon.

<sup>188</sup> Subalit hindi ako naniniwala na ang sinuman ay dapat na maging alipin. Ginawa ng Diyos ang tao; ang tao ang gumawa ng mga alipin. Hindi ako naniniwala na dapat may mataas na nagmamando sa iba, sa ibang lahi, kulay, o anupaman.

<sup>189</sup> Subalit may segregasyon, ibinukod ang Nobya ni Cristo sa iba pang mga iglesya, at ganoon nga 'yun mismo: iglesyang natural, at Iglesyang espirituwal; iglesyang karnal, at Iglesyang Salita. Ganoon na 'yun noon pa man. "Si Jesus ay naparito sa sariling Kanya, Siya'y di tinanggap ng mga sariling Kanya; datapuwat ang lahat nang sa Kanya'y nagsitanggap!"

<sup>190</sup> Kaya 'yan na nga, noong araw ay may mga namimili, mga ahente na nagpupunta dun at bumibili ng mga alipin dun. Minsan may ahenteng nagpunta sa isang malawak na hacienda, at pinagmasdan niya 'yung mga alipin. At 'yung mga alipin ay talaga namang bugbog na bugbog, at lahat na, alam n'yo. Sila'y napalayo sa kanilang bayang sinilangan; di na sila kailanman makababalik pang muli. Yung mga Boer, 'yung mga Hollander, ay naparoon at pinagkukuha sila, dinala sila rito at ibinenta sila. At hindi na nila makikita pang muli si tatay, si nanay muli, hindi na nila makikita 'yung maliliit nilang anak muli. Pinuwersa silang maglahian sa isa't isa; pipili sila dun ng malaking lalaki, lalahian niya 'yung malaking babae, ilalayo siya sa asawa niya, upang gumawa ng mas malalaking alipin. Oh, papanagutin ng Diyos ang mga hacienderong ito sa ginawa nila balang araw! Siyanga. Hindi tama 'yun.

<sup>191</sup> Tulad ng sinabi ni Abraham Lincoln noong araw, pagbaba niya dun sa bangka sa dako ng New Orleans, napahubad siya ng mataas na sumbrero niya . . .

<sup>192</sup> Nakita niya dun ang tatlo o apat na abang mga negro, nung pagbaba niya, nangakatayo sila roon na wala man lang suot na sapatos, tapos tumapak na lang sila dun sa . . . Sa pinaghigaan ng baka at dahil—dahil wala na 'yung niyebe sa lupa, doon sila

tumapak matapos na maitaboy na nila 'yung mga baka. Bitak-bitak 'yung maliliit nilang paa, nagdurugo. Nagsisiawit sila, "Mayroon kang sapatos, mayroon akong sapatos, at ang lahat ng anak ng Diyos ay may sapatos."

<sup>193</sup> Pagbaba niya mula dun sa bangka, lumakad siya papunta dun sa kulungan ng toro, may isang malaki't matangkad na negrong nakatayo dun, hinahagupit siya, tinitingnan nila kung kaya ba ng puso niya 'yung ganun. At nagpabalik-balik sila sa lansangan, na may nakaumang na latigo sa likod niya; tapos tiningnan nila kung kaya pa ba ng kanyang puso, tinitingnan nila kung kinakaya ba niya. Ang kanyang kaawa-awa't abang asawa'y nakatayo roon, dalawa o tatlong maliliit na anak ang nagkukubli sa ilalim nung mga braso ng nanay nang *paganoon*; tapos ipagbibili na siya, upang palahian siya sa malaki ring babae. Ang naantig na si Abraham Lincoln halos malukot ang kanyang sumbrero. . . isinuksok niya ang kanyang sumbrero sa ilalim ng kanyang braso, nang *paganoon*, at napasuntok ang kanyang kamao sa palad niya, sabi niya, "Mali 'yan! At balang araw ay bubuwagin ko 'yan, kahit na buhay ko pa ang maging kabayaran." At kaya naman sa isang dako roon, sa isang museo sa Chicago, nakalagay roon ang isang amerikana na may bahid ng dugong, nagpalaya sa negrong 'yun sa pagkaalipin.

<sup>194</sup> At sinasabi ko nga na ang kasalanan at ang mga bagay na 'yan ay mali! Tulungan nawa ako ng Diyos na mabuwag ko ito, kasama ng lahat ng iba pang ministro ng Ebanghelyo. Isinilang tayong malaya, na mga anak ng Diyos. Wala tayong dapat na kaugnayan sa anumang kredo o grupo na pilit tayong titipunin para umanib sa isang Pandaigdigang Konseho ng mga iglesya. Ipinanganak tayong malaya, sa Espiritu Santo. Taglay na natin ang karapatan na 'yan. Lumabas tayo sa ganyang bagay, upang maging pentecostal. Siyanga. Ngayon malaya na tayo. Hindi na natin kailangan pang magpagapos sa ganyang mga bagay uli.

<sup>195</sup> Subalit sabi nung namimili, habang nakatanaw siya dun sa mga aliping naroon, mga sandaang alipin ang naroon o parang ganun, naroon sila, sa malawak na haciendang 'yun, sabi nung namimili, "Ayos!" May isa kasing abang alipin dun, na di na nila kailangan pang hagupitin; nakaliyad ang kanyang dibdib, tapos mataas pa ang baba, saktong-sakto siya sa trabaho! Sabi, "Ayos! Siya ang gusto kong bilhin."

<sup>196</sup> Sabi tuloy, "Oh, di puwede!" Sabi ng may-ari, "Hindi siya ipinagbibili. Huh-uh."

Sabi niya, "Buweno, alipin siya diba?"

Sabi, "Oo."

<sup>197</sup> Sabi niya, "Buweno, anong pinagkaiba niya sa iba?" Sabi, "Iba ba ang ipinapakain mo sa kanya?"

Sabi nung may-ari, "Hindi, kumakain silang lahat doon sa kusina, nang sama-sama."

Sabi, “Siya ba ang nagmamando sa iba pa?”

Sabi, “Hindi, alipin lang siya.”

“Buweno,” sabi, “anong pinagkaiba niya sa iba?”

<sup>198</sup> Sabi, “Alam mo, ako nga rin ay napapaisip, kung bakit ganun. Ngunit,” sabi, “alam mo, doon sa lupang sinilangan nila kung saan sila nagmula, sa Aprika, ang ama ng binatang ’yan ang hari ng tribo. At bagama’t siya’y dayuhan dito, kumikilos siya na gaya ng isang anak ng hari.”

<sup>199</sup> Oh, naisip ko, napakagandang bagay ’yan kung ganoon din sana sa Cristianismo! Kababaihan, itigil n’yo na ang pagsusuot ng ganyang klaseng mga damit! Kalalakihan, itigil n’yo na ang pagkukuwento ng maruruming biro at ang lahat ng mga bagay na ’yan! Mga anak na lalaki’t mga anak na babae tayo ng Hari. Manamit kayong tulad sa isang reyna, manamit nga kayo ng nararapat sa isang—isang binibini. Kumilos kayong tulad sa isang tunay na ginoo, huwag n’yong pahabain ang buhok n’yo na aabot hanggang *dito*. Sabi ng Biblia, “Hindi ba’t (itinuturo rin sa inyo ng katalagahan) na mali para sa isang lalaki na magkaroon ng mahabang buhok. At kahiya-hiya’t di-nararapat para sa isang babae na manalangin na nagupitan ang kanyang buhok.” At papaano nga rin ’yung sinabi rito? “Isang—isang karumal-dumal na bagay para sa isang babae na manamit ng nauukol sa lalaki.” Ang dakila’t di-nagbabagong Diyos ay di talaga magbabago. Ngunit ngayon napakaluwag na’t nagaya na sa iba sa ating bansa. Kahiya-hiya! Kumilos tayo na gaya ng mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Mamuhay tayo na gaya nun. Tayo nga’y, tayo nga’y mga anak ng Hari. Tayo nga. Tayo nga. Subalit sa panahon ngayon na naglipana na ang kaguluhan at karumihan at kasamaang ito, sa paligid, naatim pa rin ng mga tao na tawagin ang kanilang mga sarili na mga “Cristiano” kuno samantalang kumikilos pa rin nang gaya nun!

<sup>200</sup> Ngunit tandaan n’yo, may tumuktok sa atin isang araw, at pinagbuksan Siya para patuluyin, ang pagmamataas sa sarili at ang lahat nga’y lumabas na. Amen. Hindi ko alintana anuman ’yang ibansag nila sa akin!

Oh, sa palagay ko’y ako’y makaluma,  
Ngunit ang Tagapagligtas ko’y makaluma, rin  
naman.

<sup>201</sup> Tama ba ’yun? Narinig n’yo ang awitin. Maging makaluma kayo! Huwag n’yong gawing huwaran ang iba riyon. Siya ang inyong Halimbawa. Sikapin n’yong maging katulad Niya, at kayo’y tutulungan ng Espiritu na nasa inyo na magawa ang nararapat. Sikapin n’yong ang buhay n’yo ay maging tulad ng Kanya.

<sup>202</sup> Oo, nariyan ang pintuang ’yan. Nais kong magbanggit pa ng isa uling pintuan. Napahaba yata ako nang husto sa isang ’yan. May isa po uling pintuan dun, katabi lang nung pintuang

'yun, kapag gagawi ka sa bandang kanan, at ang pintuang 'yun ay ang pintuang papasok sa inyong pribadong buhay. Oh! Oh, ayaw na ayaw n'yong pakialaman Niya 'yun. "Ngayon, kung gusto kong lumabas para pumunta sa isang munting salu-salo't uminom dun, ano naman 'yun sa Iyo? Anong iglesya riyan ang makapag didikta sa akin kung anong dapat kong gawin?" Uh-huh, hayan nga, kita n'yo na. "Ikasampu ng sahod ko? Sinong makapag didikta sa akin kung anong dapat kong gawin? Sarili kong pribadong buhay ito! Sariling pera ko ito na kinita ko. Sariling buhay ko ito. Magsusuot ako ng shorts kung gusto ko. Pribilehiyo ko ito bilang Amerikano." Totoo nga naman 'yan. Siyanga. Tama naman.

<sup>203</sup> Ngunit kung isa kang tupa, at hindi isang kambing, kita n'yo, tupa kasi ang hinahanap Niya. Sila'y ihihiwalay balang araw.

<sup>204</sup> Ang isang tupa kasi'y may lana. Iyon lang ang mayroon ito. At hindi nito kayang mag-imbento ng lana. Hindi nga hiningi sa atin na mag-imbento ng bunga ng Espiritu, kundi *ipamunga* ang bunga ng Espiritu. At basta't isa 'yang tupa, maglalabas talaga 'yan. Hindi nito kailangang mag-imbento lang. Yung mga glandula at lahat dun sa loob nito ay tupa, magpapalabas talaga 'yun ng lana dahil ang loob niya'y may mga glandula at adrenalin at mga bagay na gaya nun na siyang kailangan para makapagpalabas ng lana.

<sup>205</sup> At kung isa kang Cristiano, aabot ka talaga sa pamantayan ng Salita. Di ko alintana anuman ang sabihin ng iba. Di mo na kailangang pagsumikapan ang kung ano, at magdala ng kung ano, manghila, magpalabas pa. Isa kang Cristiano. Sadyang kusa kang mamumunga ng bunga ng Espiritu. Kita n'yo? Kita n'yo, at ganoon nga 'yun. Kita n'yo?

<sup>206</sup> Ngunit, ang mga tao ngayon, ayaw nilang may nakikialam sa pribadong buhay nila.

<sup>207</sup> Samantalang ang tanging bagay na kailangan n'yo lang gawin, ay basta buksan lang n'yo ang bawat pintuan sa loob, tapos sabihin, "Tumuloy ka, Jesus." Masdan n'yo kung anong mangyayari. Kapag nakita n'yo sa Aklat na, *ganito* pala ang dapat n'yong gawin, aba'y gagawin n'yo nga. Bakit? Isa kayong tupa, sa simula't sapul, nga.

<sup>208</sup> Ngunit kung ang gusto n'yo lang ay hayaan lang, hayaan Siya dun sa may pintuan, sabihin lang, "Umanib na ako sa iglesya. Parehas na tayong mabuti. Kita n'yo, tinanggap ko na si Cristo." Marahil 'yun nga ang ginawa n'yo. Ngunit nagawa n'yo na ba Siyang maging *Panginoon*? Kita n'yo?

<sup>209</sup> Ngayon, hindi maaaring maglapag ang Panginoon ng isang Aklat ng mga panuntunan at sasabihin ang ganitong Salita, at tapos babaliktarin at itatangi Ito. At kung sinasabi mo ngang taglay mo ang Espiritu Santo, at sinasabi ng Biblia ang isang bagay na dapat mo sanang gawin, at sasabihin mo, "Oh, hindi

ko pinaniniwalaan *Iyan*.” Tandaan n’yo nga, ang espiritung ’yan na nasa inyo ay hindi ang Espiritu Santo, dahil hindi Niya maaaring itanggi ang Kanyang Sarili. Ganoon nga. Hindi Niya maaaring itanggi ang Kanyang Sarili. Isinulat Niya ang Salita, at binabantayan Niya ito, upang isakatuparan Ito. Kita n’yo? Kaya hindi ’yan ang Santong . . .

<sup>210</sup> Siguro’y isa nga ’yang espiritu, hayan nga. Siguro’y isa—isa ’yang espiritu ng iglesya. Siguro’y espiritu ’yan ng pastor n’yo. Siguro’y espiritu ’yan ng sanlibutan. Siguro’y ganoon nga. Di ko alam kung ano ’yan, ngunit, kung anuman ’yan, siguro’y isa ngang makadenominasyon na espiritu, “Methodist ako. Baptist ako. Presbyterian ako. Pentecostal ako. *Ganito* ako.” Dapat ay Pentecostes.

<sup>211</sup> Ngayon tandaan n’yo, hayaan n’yong ituwid ko ito; ang pentecostes ay hindi isang organisasyon, ang pentecostes ay isang karanasan na natanggap mo. Kayo na mga Methodist, mga Baptist, mga Katoliko, at lahat, maaari n’yong maranasan ang pentecostes. Hindi n’yo maaaring aniban ang pentecostes, ’pagkat wala namang paraan para makaanib kayo rito.

<sup>212</sup> Nasa pamilya Branham na ako sa loob ng limampu’t limang taon. Alam n’yo, hindi nila hiniling sa akin kailanman na maging isang Branham. Isinilang ako, na isang Branham.

<sup>213</sup> At ganun nga kayo magiging Cristiano, ang maisilang kayo na Cristiano. Siyanga, ngayon.

<sup>214</sup> Oh, ’yung pribadong buhay na ’yun! “Oh, sinasabi ko nga sa inyo, nagpupunta din naman ’yung pastor namin sa mga sayawan na ’yan, at nagsasayaw kami dun ng twist. May ganun sila.” Sige. Kita n’yo? “Huwag na huwag mo akong lalapitan para diktahan kung ano ang puwede kong gawin at kung ano ang di ko puwedeng gawin.” Sige, kita n’yo, ayaw n’yo Siyang patuluyin.

<sup>215</sup> Sige po’t patuluyin n’yo Siya kahit minsan, at pagkatapos balikan n’yo ’yung twist o rock-and-roll, o kung anuman ’yang ginagawa n’yo dun, tingnan n’yo kung magagawa n’yo pa ’yun. Hindi n’yo na kayang gawin pa ’yun uli. Patuluyin n’yo Siya kahit minsan, at pagkatapos subukan n’yong magsuot ng pares ng shorts, mga kababaihan.

<sup>216</sup> Alam kong napapanatili ko na kayo rito nang matagal, pero nais ko lang mangusap pa ng isa pang bagay, kung ayos lang, tungkol dito.

<sup>217</sup> Sa palagay ko, ang pinakadakilang pagtitipon na itinulot ng Panginoon na idaos ko para sa Kanya ay sa Bombay, kung saan nagkaroon ako dun ng mga nasa limang daang libo, nasa ganun, at dalawang daan at ilan pang libo dun sa—sa Aprika, sa Durban, dun sa karerahan. Nung hapon na ’yun, sabi ko, matapos nilang masaksihan ang napakadakila’t kamanghamanghang bagay na bumaba at ginawa ng ating mabiyayang Panginoon, sabi ko, “Itinuturo sa inyo ng mga misyonero ang

Salita, pero ang Salita ay gigisingin at bibigyan ng buhay. Ang sinasabi Niya'y kinakailangan talagang magkaroon ng buhay." At—at nung mapagaling ang nasa dalawampu't limang libong naroon nang minsanan, at trak-trak ang dating ng mga lumang silyang de gulong; isang simpleng munting panalangin lamang, tapos nasaksihan nila ang Espiritu Santo na talaga namang. . . Yung mga tao roon na di ko man lang alam kung sino sila at kung saan sila galing, may pagnanais nga silang masaksihan 'yun. Kita n'yo?

218 At nagtanong ako, "Ilan dito ang nagnanais na tumanggap kay Cristo?" May tatlung libo ang nagsitayo sa kanilang mga paa, mga katutubong nakabahag lang, na may mga bitbit na mga diyus-diyosan.

219 Sina Doktor Bosworth, Doktor Baxter at 'yung iba, sila'y biglang napaiyak. At lumapit sa akin si Kapatid na Bosworth, sabi—sabi, "Kapatid na Branham, ito na ang araw ng iyong pagpuputong."

220 Sabi ni Kapatid na Baxter, "Kapatid na Branham, iniisip ko, sa tingin ko'y nais talaga nila ng kagalingang pisikal."

221 May batang lalaki dun na nakaluhod at nakalapat ang mga kamay sa lupa. At sinabi sa kanya ng Espiritu Santo kung saan siya galing, kung anong nangyari, sabi, "Makapagsasalita ka. Isipin mo ang kapatid mong lalaki, nasa kalahating milya ang layo niya ngayon dito. Nakasakay siya sa isang kambing na madilaw, at nananakit ang kanyang binti." Sabi ko, "Subalit, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, siya'y magaling na." Pagkatapos lumapit nga dun 'yung kapatid na lalaking 'yun, taas-taas na niya 'yung mga saklay niya sa ibabaw niya, na parang *ganito*. At kinailangan nga roon ng mga dalawampung minuto para pahupain 'yung mga tao roon nung mga sundalong nagbabantay dun.

222 Pagkatapos ang batang lalaking ito, na nakaluhod at 'yung mga kamay niya'y nakalapat sa lupa, nang *paganoon*, parang gumagapang, di nga makatayo, hubad pa. Oh, naku, kalunus-lunos talaga! Akala nga niya dinala siya roon sa ibabaw para mang-aliw ng mga turista, alam n'yo po, para umindak sa—sa sayaw ng gubat. At kinuha ko 'yung kadena at ginalaw 'yun. Sabi ko, "Kung matutulungan ko lang sana ang kaawa-awang bata na ito, at di ko 'yun magawa, ako'y. . . hindi ako nararapat na tumayo rito. Ngunit," sabi ko, "hindi ko talaga siya kayang tulungan. Ngunit may munting kaloob nga ako, na sana nga'y mapagana ko, ayon sa sasabihin ng Panginoon."

223 At nung ipakita 'yun ng Panginoon, nung sabihin sa bata kung sino siya, sabi, "Ang tatay at nanay niya'y nakaupo roon, sila'y mga Zulu." At sabi, "Payat sila, di 'yun pangkaraniwan." Ang isang Zulu'y karaniwan kasing nasa tatlong daang libra ang timbang, bawat tao. Kaya 'yun nga ang sabi, "Sila'y di



pangkaraniwan. Pero ang batang lalaking ito'y ipinanganak sa isang tahanang Cristiano, sapagkat sa kanyang . . . sa bandang kanan, pagpasok dun sa pintuan, may larawan dun ni Cristo, sa munting pawid na kubo roon." At tugmang-tugma nga 'yun. Tumindig ang nanay at tatay niya. "At *iyon* nga ang pangalan niya." Siya nga 'yun, at tumugma ang lahat. Hindi maunawaan nung mga naroon kung anong nangyayari. Tumingin ako roon at nakita ko 'yung bata na kaya na niyang tumayo, sa isang pangitain, nakakatayo na nang tuwid na tuwid. Hindi nga siya kailanman nakaranas na makatayo, sa buong buhay niya, dahil isinilang siyang ganoon ang kalagayan. Sabi ko, "Pinagaling na siya ng Panginoong Jesus."

<sup>224</sup> Wala nga sa tamang pag-iisip 'yung bata, kung anu-ano 'yung lumalabas sa bibig niya, "uh, ba, ba, ba," parang ganun.

<sup>225</sup> At hinawakan ko 'yung kadena, at ginalaw-galaw ko 'yun nang *paganoon*. Sabi ko, "Si Jesus Cristo, iho, ang nagpagaling sa iyo. Tumayo ka na sa iyong mga paa." Noon din ay tumayo siya. Tumutulo ang luha, at umabot hanggang sa itim niyang tiyan, habang nakayuko siya nang paganoon. Nasaksihan ko roon ang tatlumpung libong mga katutubong nakabahag lang na ibinigay ang kanilang mga puso kay Jesus Cristo.

<sup>226</sup> Samantalang dito sa Kiwanis Club, sinasabi ko nga 'yun sa kanila . . . Tapos sasabihin nila sa akin na papunta na ako sa "pagiging holy roller" nung lisanin ko ang iglesyang Baptist, upang makasama ko sa pagbubuklod ang lahat ng uri ng tao. Sabi nila, "Buweno, magiging holy-roller ka talaga sa lagay na 'yan," nakaupo nga ako noon. Sinabihan ako nung ilang mga kapatiran kong Baptist dun. Sabi ko, "Hindi ba't nagpapadala kayo ng mga misyonero roon, sa loob ng huling sandaan at limampung taon, pero ano 'yung nakita ko roon sa kanila? May bitbit-bitbit pa ring mga diyus-diyosan." Sabi ko, "Subalit sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, tatlumpung libo ang tumanggap kay Cristo nang minsanan."

<sup>227</sup> Ngayon nais kong sabihin ito sa inyo na mga kababaihan, alam n'yo ba kung anong nangyari sa mga kababaihan doon? Sabi ko, "Diyon mismo sa lupang kinatatayuan n'yo, kayo'y pupuspusin ng Espiritu Santo." At nung maitaas na nila ang kanilang mga kamay upang tanggapin na nila si Cristo bilang Tagapagligtas nila, tapos nung lumakad na silang palayo roon; hubad, nga sila noon, may maliit lang na, kapirasong bahag, sa harap nila. Tapos nung lumakad na silang palayo mula roon, ipinangtakup nila 'yung mga bisig nila na parang *ganito*, dahil may mga lalaki dun, matapos nga nilang tanggapin si Cristo.

<sup>228</sup> Ngayon ano nga bang nangyayari sa atin, mga kapatid na babae, ano nga bang nangyari at tayo sa bansang ito kung saan sinasabi nating sumasampalataya tayo at mga Cristiano tayo,

tapos bawat taon nama'y padami nang padami ang nababawas sa kasuotan natin? Samantalang, di pa naririnig ng mga taong naroon ang Pangalan ni Cristo kahit kailan, basta tinanggap lamang nila Siya dun sa kanilang puso. Ni hindi, ni hindi mo puwedeng sabihin sa kanilang hubad sila, hindi nila alam 'yun. Ngunit tinakpan nila ang kanilang mga sarili nang *paganito*, tapos lumakad na palayo. Nung sumunod na araw, o nung makalawa, makikita mo na silang nakasuot na ng damit, kung anong damit. Oh, grabe!

<sup>229</sup> May bagay nga na maling-mali sa kung saan. Diyan nga sa baluktot na teolohiya. Sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, gaya na lang nung ginawa Niya dun sa lalaking 'yun na tinawag na "Pulutong," nakita natin 'yung lalaking 'yun na nadadamitan na at nasa tama nang kaisipan. At kaya naman naniniwala akong espiritu talaga ito na nasa mga tao na nagtutulak sa kanila na mahulog sa pagiging maka-Amerika at maka-Pranses, at lahat ng klase ng kamunduhan at pagiging maka-iglesya. Subalit hayaan n'yong magsilapit sila kahit minsan sa Panginoon, at sa puntong maramdaman nila 'yung pagtuktok na 'yun sa pintuan nila, magdadamit sila't kikilos na nararapat lang sa mga babae at mga lalaki, at sila'y magiging Cristianong isinilang na muli. Amen. Oo.

<sup>230</sup> Ngayon tapos na rito, dalawampung minuto bago mag-alas dose, gusto ko pa sanang gumugol ng ilang—ng ilang minuto, siguro'y lalaktawan ko na 'yung iba rito. Gusto kong gumugol ng kaunting sandali pa, para sa ilang Kasulatan dito, gusto kong magbukas ng kahit isa pang pintuan. Ayos lang po ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>231</sup> Ang susunod na pintuan, doon, ay pananampalataya. Kita n'yo, ang pribado n'yong buhay. . . pintuan ng pagmamataas sa sarili, ng pribado n'yong buhay, ngayon buksan naman natin 'yung sa pananampalataya. Magkakatabi kasi itong mga ito, kita n'yo, pero ngayon dumako na tayo sa pananampalataya.

<sup>232</sup> Alam n'yo, kamakailan lang naroon ako sa ospital at isang babae ang sasailalim na sa isang operasyon. Tinawagan niya ako, sabi niya, "Kapatid na Branham, isa akong tumalikod sa pananampalataya. Maaari mo ba akong ipanalangin?"

<sup>233</sup> Sabi ko, "Sige po, ginang, ikagagalak ko." Sabi ko, "Isa ka kamong tumalikod sa pananampalataya?"

"Opo."

<sup>234</sup> Sabi ko, "Ngayon sandali lang ito. Hayaan mong basahin ko sa iyo ang mga Kasulatan."

<sup>235</sup> Tapos may isa pang ginang na nakahiga dun sa kabilang highaan, tiningnan ako, parang natatawa; nandun siya, at 'yung anak niyang lalaki na nasa dalawampung taong gulang, isang karaniwang Ricky, at nakatayo siya't tinitingnan-tingnan ako nang paganoon.

236 At sabi ko, “Sige, ginang,” sabi ko. Binasang ko sa kanya ang mga Kasulatan, “Bagaman ang iyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niyebe. Bagaman maging mapulang gaya ng matinkad na pula, ay magiging maputing parang balahibo ng tupa.” At nung mabasa ko na ‘yun sa kanya, sabi ko, “Naligaw ka man ng landas, kita mo, napalayo ka sa Diyos, subalit hindi kailanman lumayo sa iyo ang Diyos, o hindi mo sana ako pinatawag.” Unti-unti siyang umiyak. Sabi ko, “Sige mananalangin tayo.”

237 Tapos ‘yung ginang sa kabilang higaan, sabi, “Sandali lang! Sandali lang naman!”

Sabi ko, “Ano po ‘yun, ginang?”

Sabi niya, “Hilain mo ang tabing na ‘yan!”

At sabi ko, “Hindi ba’t Cristiano rin po kayo?”

Sabi niya, “Mga Methodist kami!”

238 Sabi ko, “Buweno, ano kayang kinalaman nun dun? Kita n’yo, parang sinasabi mo na rin na isa kang—isa kang batang kabayo, na nasa kulungan lang ng baboy, kita n’yo.” Sabi ko, “Walang kinalaman ‘yun.” Kita n’yo?

239 Subalit, nakita n’yo na, ganun talaga ang mangyayari, kung sariling katuwiran lamang ang pairalin. “Laban ‘yan sa aming pananampalataya!” Gusto ko sanang... “Basta ayaw namin ‘yang Makalangit na pagpapagaling sa aming iglesya, o mga bagay na gaya n’yan.” Kita n’yo, nakita n’yo na ang ibig kong sabihin? Kita n’yo, ayaw nilang magpatuloy sa pintuan na ‘yun. “Laban ‘yan sa aming pananampalataya.”

240 Iisa lang ang Pananampalataya. “Isang Pananampalataya, isang Panginoon, isang bautismo.” Ang Pananampalatayang Iyon!

Ang pananampalataya ko’y nakatuon sa Iyo,  
Ikaw na Cordero ng Kalbaryo,  
Dakilang Tagapagligtas ko;  
Nawa’y dinggin ako sa aking pagsusumamo,  
Kawalang pananampalataya ko’y matanggal  
nang palayo.

241 Kasalanan! Kasalanan, iisa lang ang kasalanan, at ‘yun ang di-pananampalataya. Yung pag-inom ng alak ng isang lalaki’y hindi siya dun nagiging makasalanan. Kita n’yo, hindi—hindi—hindi, kita n’yo, hindi ‘yun ang kasalanan. Hindi—hindi ‘yung pag-inom ang kasalanan. Hindi rin ‘yung pangangalunya ang kasalanan. Kahit na ‘yung pagsisinungaling man, pagnanakaw man, hindi ‘yun ang kasalanan. Mga bunga ang mga ‘yun ng di-pananampalataya. Kung isa ka ngang mananampalataya, aba’y hindi mo nga gagawin ang gayon, kita n’yo.

242 Dalawa lang naman kasi ‘yan, di ka mananampalataya o mananampalataya ka, kita n’yo, alin ka man diyan sa dalawa.

Hindi n'yo kasi gagawin ang lahat ng masasamang bagay na 'yan at kahit na 'yung samu't saring kinaugalian sa relihiyon, liban na lang kung di kayo mananampalataya; kasi kung tunay kayong mananampalataya, yaong Salita ang sasampalatayanan n'yo, 'pagkat si Cristo ang Salita. Kita n'yo? At kaya naman isa nga kayong di-mananampalataya dahil sa pananalig n'yo riyang sa kung anu-anong tradisyon, o kung anu-anong mga dogma na idinagdag diyan sa Biblia, o 'yang kung anu-ano na 'yan, na ginagawa ng mga denominasyon. Subalit ang tunay kasing mananampalataya'y nananatili mismo dun sa Salita. At Diyos mismo ang talagang kumikilos sa pamamagitan nung Salitang 'yun, kumikilos sa kabuoan nun upang papangyarihin Ito, sa salinlahing ito na ating kinabubuhayan.

<sup>243</sup> At ngayon pansinin n'yo, at sasabihin n'yo, "Oh, ako... Kapatid na Branham, ang Panginoon..." Buweno, ganun lang talaga 'yun, maraming mga di-tuling mga Filisteo ang sumugod din, naman. At may hukbo ring galing sa Egipto ang tumugis kina Moises nang patawid na sila ng—ng Dagat na Pula, subalit sa kabila nun... "Kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises, buweno, masusumpungan din natin ang gayon sa huling araw," 'yan ang sabi ng Biblia.

<sup>244</sup> Ngayon kaunting karagdagan na lang. Sinabi rito ni Jesus, sa—sa panahong ito ngayon, "Sapagkat sinasabi mo na, 'Ako ay mayaman, at nagkamit ng mga kayamanan.'" Pagmasdan n'yo nga ang kalagayan natin ngayon, iglesyang pinaka mayaman sa lahat! At, buweno, alam n'yo ba, kayong mga Pentecostal ay higit pang mas mainam kung hahayo kayo sa isang dako sa labas na may dala-dalang tamburin, dun sa may kanto, gaya ng ginagawa ng mga tatay at nanay n'yo noon. Pero heto't pinaka maganda ang simbahan n'yo kaysa sa lahat, pinaka mabilis dumami ang miyembro n'yo sa buong mundo; subalit saan na naroon ang Espiritu ng Diyos na dating narito sa gitna natin? Nakaligtaan n'yo na talaga ang mahalagang bagay. "Sapagkat sinasabi mo, 'Ako'y mayaman.'"

<sup>245</sup> Tandaan n'yo, sa Pentecostal ito ipinapangusap, 'pagkat ang kapanahunang Pentecostal ang huling kapanahunan. Kita n'yo, itong lahat ng mga rebaybal na nararanasan natin, wala nang iba pang organisasyon ang uusbong na panibago. Wala na. Ito na kasi ang dulo. Husto na sa panahon ang trigo ngayon. Dumaan na sa mga dahon, at tangkay, at talukap, at nasa butil na ngayon. Kita n'yo, wala nang iba pang darating. May mga nag-oorganisa riyang na Latter Rain daw sila, pero bumagsak din; gaya na lang ng iba na hindi rin magtatagal. Hindi sila magtatagal. Ito na ang panahon na ang butil ay lumalabas na. Pansinin.

<sup>246</sup> "At sapagkat sinasabi mo, 'Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, hindi nangangailangan ng anuman,' at hindi mo nalalamang ikaw ay maralita, aba, bulag, hubad, at hindi mo ito nalalaman; ipinapayo ko sa iyo..." Oh, grabe! "Ako'y

tumutuktok sa iyong pintuan.” [Kumakatok si Kapatid na Branham sa isang bagay—Pat.] “Laodicea, tumutuktok Ako sa iyong pintuan, at ipinapayong lumapit ka sa Akin, at—at bumili ng gintong dinalisay ng apoy; at ng mapuputing damit, upang hindi makita ang iyong kahubaran.”

247 Kaya hubarin n’yo na ang kung anu-anong bagay na ’yan, at isuot n’yo ng nararapat, kita n’yo, ang katuwiran ni Cristo, ang mga Salita. Hindi ang sarili kong katuwiran; ang Kanyang katuwiran!

248 “At ipinapayo ko rin sa iyo na—na lumapit ka, kumuha ng pampahid sa mata, upang maipahid mo sa iyong mata, upang ikaw ay makakita. Pampahid sa mata!”

249 Ako nga’y tubong Kentucky. Isinilang ako sa kabundukan, at nung araw may maliit na puwesto kami dun sa itaas sa attic. At may itinutukod kaming mga bata dun na isang—isang maliit na posteng hagdan, na inaakyat namin gabi-gabi. At dun nga sa itaas na ’yan kami nahihiga. Tapos pinapatungan nila ’yung pinaka bubong namin ng pirasong lona sa tuwing umuulan ng niyebe. Buweno, tanaw kasi dun ’yung mga bituwin, sa siwang nung lumang kahoy na pang-atip. . .

250 Ilan dito ang nakakaalam kung ano ’yung kahoy na pang-atip? Buweno, kapatid, bakit nga ba hindi ko na lang isinuot ’yung overall ko rito? Pakiramdam ko nga’y nasa bayan kong sinilangan ako mismo, kita n’yo. Buweno, di n’yo siguro alam kung ano ’yung mga lumang kahoy na pang-atip!

251 Ilan kaya dito ang nakakaalaman dun sa banig na dayami? Ngayon di n’yo rin siguro alam! Iniisip ko tuloy na sa wakas may mga bagay akong mas alam sa inyo. Buweno, pakiramdam ko nga’y nasa sarili kong bayan ako ngayon. Ayos lang ’yan. At ang totoo n’yan ay ’yung mga ’yun lang ang alam ko hanggang nitong lumpas lang na ilang taon.

252 Ilan naman ang nakakaalam dun sa sinaunang lampara, na may pataas na ganun na parang salaming tubo, alam n’yo po ba? May nakaukit na malaking buwan, at kuwago sa gilid. Dati ’yung may pinaka maliit na kamay sa amin sa bahay, ’yung nauutusang maglinis nung salaming tubo nun, alam n’yo. Nung araw nga kapag ginagamit ko ’yung lumang pandilig namin, aba’y natatalamsikan ako lagi ng tubig; kaya ang ginagawa ko kinukuha ko ’yung salaming tubo nung lampara tapos isusuot ko dun sa labasan ng tubig, para hindi ako matalamsikan. Oo, parang ganun.

253 Ngayon, ang lolo ko’y isang mangangaso. Yung nanay ng nanay ko naman ay mula dun sa reserbasyon. Nakapangasawa nga ang lolo ng isang babaing Indian mula sa reserbasyon ng mga Cherokee dun sa Kentucky at Tennessee, alam n’yo siguro kung saan ’yun, itong libis ng mga Cherokee. At, sila, siya—siya

nga'y nangangaso dun at namamaril ng hayop, lagi, dahil 'yun —'yun ang ikinabubuhay niya.

254 Tapos kapag kaming mga bata'y nahihiga roon, aba, kung minsan ay lumalamig dun nang husto. At pumapasok tuloy dun 'yung hangin, tapos papasok 'yung lamig sa mata namin, at—at magsasara 'yung mata namin sa gabi, alam n'yo. Ang tawag ni nanay dun sa pumapasok na 'yun ay “mutog.” Hindi ko—hindi ko alam kung ano 'yun, pero lamig 'yun na pumapasok sa mata, at parang ginaw 'yun. Tapos sasabihin ni nanay, “May mutog ka sa mata mo,” dahil nga—dahil nga, alam n'yo na, paikot-ikot 'yung hangin dun, pumapasok 'yung lamig tuwing gabi. Namamaga tuloy 'yung mga mata namin hanggang sa sumara.

255 Tapos papanhik dun sa hagdan si nanay, kapag umaga na, nakapagluto na siya ng biskuwit. Ilalagay niya rin dun sa mesa 'yung pulutipot na gawa sa minatamis na batad. At sasabihin niya, “Billy!”

Sasagot ako, “Opo, nanay?”

“Bumaba na kayo riyan ni Edward.”

256 “Nanay, hindi po ako makakita!” Tatawagin ko tuloy 'yung kapatid ko, ang tawag nga namin sa kanya, “Humpy.” Sabi ko, “Hindi rin siya makakita, po. Hayan nga, may mutog kasi kami sa mata.”

Sasabihin niya, “Buweno, sige sandali lang.”

257 At si lolo nga, kapag nanghuhuli siya ng coon. Ilan dito ang nakakaalam kung ano 'yung raccoon? Yun 'yung, ginagamit ni nanay. . . Manghuhuli si lolo ng coon, kukunin niya 'yung taba nun at ilalagay 'yun sa isang lata. At 'yung langis na 'yun ng coon ang gamot namin sa lahat ng uri ng sakit sa pamilya. Yun 'yung ipinapainom sa amin kapag may grabeng sipon kami, hahaluan nila 'yun ng dagta ng puno, at itim na langis. Iniinom namin 'yun kapag namamaga 'yung lalamunan namin. Kaya nagpapainit si nanay ng langis ng coon, tapos pupuntahan niya kami't ihahaplos 'yun sa mga mata namin, at maimumulat na namin 'yung mga mata namin. Kita n'yo, langis lang ng coon ang katapat. Kita n'yo?

258 Ngayon, kapatid na lalaki, kapatid na babae, dinaanan tayo ng lamig, sa iglesya. Siyanga, napasok na tayo nang husto ng maka-relihiyong lamig na 'yan, at nagkalamig tuloy tayong lahat. Maraming tao ang nagsara na nang tuluyan ang kanilang mga mata, at sa paglitaw nitong napakalaking Pandaigdigang Konseho ng Mga Iglesya, sa dako rito, pinupuwera nila ang bawat isa sa inyo na pumasok dun. Sila nga'y napapalayo na sa Salita, itong mga kasamahan natin. Ngayon may tungkulin ako sa Mensaheng ito; hindi dahil sa gusto kong maiba, kundi ito nga'y dahil sa pag-ibig. Ang pag-ibig nga'y nagtutuwid. Kayo nga'y magsibalik! Lumayo kayo sa bagay na 'yan! Sa ating mga kapatid na lalaki sa pagmiministeryo, wala akong pakialam

anuman 'yang nagagawa ng mga grupo n'yo, layuan n'yo 'yan! Layuan n'yo 'yan! Iyan ay tatak ng hayop, lumayo kayo riyon! Kita n'yo, tumutuktok si Jesus sa panahong ito ng Laodicea. Nakita n'yo nang pinalabas nila Siya sa panahong ito? Siya'y sa mga indibiduwal nagsisikap magtungo, hindi—hindi dun sa mga organisasyon at mga grupo ng tao. Siya nga'y tumutungo sa isa *rito*, at sa isa *roon*, at sa isa *roon*, sinisikap. "Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway."

<sup>259</sup> Gaya na nga lang ng nakitang pangitain ng isang munting kapatid na lalaki rito, ang sabi nga niya'y nagkaroon siya ng pangitain. At sabi, "Ang siya ring Ilaw na tinanggap n'yo, ang magiging sanhi din ng kamatayan n'yo, nga." Kita n'yo?

<sup>260</sup> "Ang lahat Kong iniibig, ay aking sinasaway; ikaw nga'y magsikap at magbalik. Ako'y nakatayo sa pintuan, at tumutuktok." Ngayon, tingnan n'yo, wala ngang magagawang bisa ang langis ng coon.

Subalit may isang Bukal na puno ng Dugo,  
Na mula sa mga ugat ni Immanuel tumutulo,  
Mga makasalana'y lumulubog sa agos ng dugo,  
Mga mantsa ng pagkakasala'y agad naglalaho.

Naghihinalong kawatan ay nasiyahan nang  
masulyapan  
Ang Bukal na iyan sa kanyang kapanahunan;  
Maging ako man, gaya niya sa karumihan. . .

<sup>261</sup> Mga mata ko'y Kanya ngang binuksan, gamit ang pamahid Niya sa mata. Bumaba ang Kanyang Espiritu at pinainit ang Biblia, ang Kanyang pamahid sa mata. Hindi ko noon makita Ito. Isang lokal, na pastor lang ako ng Baptist. Subalit isang araw ay Kanyang isinugo ang Kanyang Espiritu, at hindi lang basta-basta langis ng coon ang pinainit Niya, kundi Espiritu Santo at apoy ang isinugo Niya! Kaunting pamahid sa mata ang naipahid sa aking Biblia—sa aking mga Biblia. . . at ako'y nakakita na sa aking mata, o ang ibig kong sabihin napahiran ang mga mata ko upang makita ko ang aking Biblia. At nakita ko, "Siya ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang salita ng bawat tao ay maging sinungaling, at ang Akin ay tapat. Ako'y nakatayo sa pintuan, at tumutuktok."

<sup>262</sup> Isa pang maikling kuwento. May oras pa ba tayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige, sige, tapos tatapusin ko na ito, kita n'yo.

<sup>263</sup> May isang matanda't maitim na lalaki sa may Timog. At, ang pastor niya, ay kilala ko, isang napakabait na matandang lalaki. Ang tawag namin sa kanya'y Gabe. Ang pangalan niya'y Gabriel, at kaya Gabe ang tawag namin sa kanya. Palagi 'yan, itong pastor at ako, lagi kaming—lagi kaming nangangaso, sa tuwina. Isa nga siyang maitim na kapatid, at magkasama kami parati sa pangangaso. At mahilig talaga si tandang Gabe sa pangangaso

kaysa sinumang nakilala ko, pero di siya asintado. Kaya, isang araw nangaso ang kanyang pastor kasama siya.

264 At hindi nga namin mapadalo-dalo ng simbahan si tandang Gabe. Ayaw raw niya talaga sa ganun. Ayaw niyang magsimba. Sabi niya, “Ah, hindi ako pumupunta sa ganyang lugar ng mga mapagkunwari.”

265 Sabi ko, “Pero, Gabe, hangga’t nananatili ka riyon sa labas, mas nakakalamang pa rin sila sa iyo. Mahuhuli ka lang n’yan sa kanila, kita mo.” Sabi ko, “Lagi ka na lang n’yang mahuhuli sa kanila. Dehado ka talaga n’yan sa kanila; kasi nagpupunta sila dun at nagsusumikap, kita mo.”

266 At kaya sabi niya, “Iniisip ko na—na—na—na—na kung sana katulad sila sa iyo, G. Bill. Pero,” sabi, “May—may—may—may kilala ako roong tandang Jones na dumadalo dun, pero parang wala rin naman siyang pinagbago; palaro-laro pa rin siya ng dais, at pasugal-sugal na lang.”

267 Sabi ko, “Huwag mong alalahanin ’yun, Gabe. Kita mo, huwag mong alalahanin. Dahil nga, dapat mong malaman, na si Jones din naman ang mananagot sa ginagawa niya; hindi naman ikaw, kita mo. Kaya sana nga makadalo ka na . . .” Sabi ko, “May mabuti ka namang pastor.”

268 “Oh, isa nga si Pastor Jones sa pinakamabuting tao rito sa bansa!”

269 Sabi ko, “Maging halimbawa sana siya sa iyo, kung di mo kayang di mapansin ’yung ginagawa ng iba. Gawin mo siyang halimbawa sa iyo.”

270 Kaya isang araw sabi ni Kapatid na Jones, kasama niya noon si tandang Gabe sa pangangaso, at sabi, “Napakarami naming huling mga kuneho’t mga ibon, nung araw na ’yun, na sa dami ay hindi na namin halos mabitbit lahat.” At sabi, “Malapit nang gumabi nun.” Sabi, “Nasa bandang likod ko si tandang Gabe, at halos di na niya mabitbit ’yung huli namin, alam n’yo, basta parang ganun.” At ang maybahay niya’y isang tunay, at tapat na Cristiano. May katungkulan siya dun, isang babaing puspos talaga ng Banal na Espiritu, at lagi siyang naroon sa tungkuling iniatang sa kanya. Kaya naman . . . Si tandang Gabe habang sumusunod siya dun sa likod, alam n’yo. Tapos sabi ni Pastor Jones nung tiningnan niya ’yung paligid, napansin daw niya, “Palingon-lingon noon si tandang Gabe sa kanyang balikat, nang *paganoon*. Palubog na noon ang araw,” sabi, “lubog na halos, lumalamig na rin.” Sabi, “Maya-maya pa,” sabi habang naglalakad siya, sabi, “lumapit si tandang Gabe. Nakasukbit sa kanya ’yung mahaba niyang baril pati ’yung nahuli nilang mga kuneho’t ibon, at ibang kagamitan.” Sabi, “Tinapik niya sa may balikat ’yung pastor, at sabi niya, ‘Pastor?’”

Sabi, nung lumingon, sabi, “Ano, Gabe, anong meron?”



271 Nung tumingin, aba'y naglalakihang luha ang gumuhit sa nangingitim niyang mga pisngi, kung saan nag-uuban na ang kanyang balbas. Sabi niya, "Pastor, naglalakad ako rito sa may pampang sa banda rito, nang halos kalahating oras na." Sabi, "Pinagmamasdan ko 'yung paglubog nung araw." Sabi, "Alam mo, nag-uuban na rin 'yung balbas ko, at maging 'yung buhok ko na rin," sabi, "alam mo, papalubog na rin ang araw ko, pastor."

272 Sabi, "Ganoon nga, Gabe." Tapos huminto siya't bumaling, sabi, "Anong nangyayari sa iyo?"

273 Sabi niya, "Papalubog na rin talaga ang araw ko, hayan nga." Sabi, "Alam mo ba?" Sabi, "Napaisip taloy ako," sabi niya, "habang naglalakad ako roon kanina." Sabi niya, "Alam mo," sabi, "mahal nga siguro ako ng Panginoon."

Sabi, "Tunay, na mahal ka Niya, Gabe."

274 Sabi, "Alam mo, hindi naman ako asintado." Sabi, "Wala akong matamaang kahit ano, pero," sabi, "talagang-talagang kailangan namin itong karne sa bahay." At sabi, "Tingnan mo na lang itong napakaraming huli na ibinigay Niya sa akin, ang mga ibong ito at mga kunehong ito." Sabi niya, "May maiuwi na akong sapat na makakain namin para sa susunod na sanlinggo." Sabi, "Mahal talaga Niya ako marahil, kasi hindi naman ako makatama ng kahit ano, alam mo 'yan." Sabi, "Hindi ko nga kayang magpatama, pero tingnan mo nga itong ibinigay Niya sa akin." Tapos sabi niya, "Mahal na mahal Niya talaga ako, dahil kung hindi'y hindi Niya ibibigay ito sa akin."

Sabi, "Tama 'yun."

275 At sabi niya, "Buweno, may naramdaman akong kakaiba't marahang katok sa pintuan ko, dun sa kaibuturan ko. Sinabi Niya sa akin na lumingon dun, tapos sabi, 'Gabe, papalubog na rin ang araw mo, hayan nga.'" Sabi, "Pastor, alam mo ba ang ginawa ko, pastor?" Sabi niya, "Nangako ako sa Kanya."

276 Sabi niya, "Gabe, may gusto akong itanong sa iyo." Sabi, "Anong pangaral na ipinangaral ko ang nagbunsod sa iyo para ganyan ang maramdaman mo?" Sabi niya, sabi nung pastor, o ang sabi pala muna, "Ngayon sandali lang," sabi, "alin-alin-alin dun sa mga awitin nung mga mang-aawit sa harapan ang nagbunsod sa iyo na makadama ng ganyan?"

277 Sabi niya, "Oh, gustong-gusto ko naman ang pag-aawitan dun sa simbahan natin, pastor." Sabi pa, "Gustong-gusto ko rin ang bawat mensaheng ipinangangaral mo, 'pagkat galing 'yun dun mismo sa mabuting Aklat na 'yun, at batid kong tama talaga 'yun. Ngunit," sabi, "hindi 'yun ang nagbunsod." Sabi, "Basta kumatok lang Siya, at nung tingnan ko ang paligid ko, nakita ko talaga kung gaano Siya kabuti sa akin, kung anong ipinagkaloob Niya sa akin." Sabi niya, "Sa Linggo ng umaga, lalapit ako dun sa harap kung saan ka tumatayo." Sabi niya, "Ibibigay ko ang kanang kamay ko sa iyo," sabi, "dahil naibigay ko na ang puso

ko sa Panginoon, dito sa burol na ito rito.” Sabi niya, “Ako’y magpapabautismo, at mauupo na sa tabi ng maybahay ko. At mananatili ako dun hanggang sa tawagin ako ng Panginoon sa itaas.” Kita n’yo, napatingin lang siya sa paligid niya’t nakita niya kung gaanong naging mabuti ang Diyos sa kanya.

<sup>278</sup> Isa po akong misyonero. Kung makikita n’yo lang sana ang nakikita ng mata ko ngayon, at makikita ’yung lugar na ’yun sa India, ’yung mga mahihirap at nagugutom na mga tao dun, mga nanay na naroon sa lansangan nagugutom, ni hindi makaiyak ’yung mumunti nilang mga anak, dahil sa tindi ng gutom, at tapos isipin n’yo nga itong mga bagay-bagay na taglay natin ngayon. Tingnan n’yo ang mga kotseng dinala n’yo rito sa pagdalo n’yo. Tingnan n’yo ang suot-suot n’yong mga damit. Tingnan n’yo kung gaano nga kayong kayaman. Kaibigan, hindi mo ba nararamdaman ’yung marahang katok diyan sa kaibuturan mo?

Manalangin po tayo.

<sup>279</sup> Habang nakayuko ang ating mga ulo, at maging ang ating mga puso, at ang mga sandali ngayon ay mabilis na lumilipas, pitong minuto na lang bago magtanghali. Kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, sinasabi sa atin ng siyensiya na tatlong minuto na lamang bago maghating-gabi. Ngayon kung titingin lamang kayo sa paligid, at iisipin pansumandali. Nariyan ang maliliit n’yong mga anak na nakaupo sa tabi n’yo. Naisip n’yo na ba kung gaanong karaming maliliit na bata ang inaatake ng sumpung. . .

<sup>280</sup> Tingnan n’yo ang butihin n’yong maybahay, kapatid na lalaki, at isipin n’yo ’yung kayraming lalaki na may pera ngang milyun-milyong dolyar, at mahal na mahal niya itong babae niya, tapos walang ginawa kundi magpunta sa bahay-inuman. Handa nga siyang maglabas ng milyun-milyon para ibigin lang siyang tunay ng babaing ’yun gaya ng pagmamahal sa inyo ng asawa n’yo. At kayo naman, mga asawang babae, gaano kayang karaming kababaihan. . .

<sup>281</sup> Ilan sa mga nanay na narito ngayong umaga’t kasama nila ang kanilang maliliit na anak, ilang mga tatay rito; aba, naku, kayraming tatay riyan ang nakatunghay sa isang kuna, naroon ang isang kaawa-awa’t, kalunus-lunos ang lagay na munting sanggol, may dipirensya ang mga binti, at tingnan n’yo po kung gaanong kaganda ang lagay ng maliliit n’yong mga anak. Kita n’yo? At maraming mga sanggol nga, ang marahil. . .

<sup>282</sup> Oh Diyos! Napakaraming bagay, kung pagmamasdan n’yo lang maigi. Napakabuti Niya talaga sa atin na mga Amerikano. Ngayon nakadarama na ba kayo na nais n’yo nang mapahiran ng kaunting pamahid, sa umagang ito, “Buksan Mo nang kahit kaunti pa ang mga mata ko, Panginoon, buksan Mo ang mga mata ko”? Kagaya na lang nung mainam na awitin ng kapatid

nating babae, “Ang Kanyang mata ay nakatingin sa maya, kay liit lang na maya, at alam kong ako’y pinagmamasdan Niya.”

<sup>283</sup> Ngayon Kanya ngang pinagmamasdan kayo sa mga oras na ito mismo. May naririnig ba kayo, riyang sa kaibuturan n’yo, na isang marahang pagtuktok na parang *ganito*, [Kumakatok si Kapatid na Branham sa isang bagay—Pat.], “Ako’y dadalaw, ngayong umaga”? Yan nga ang pinakadakilang karangalan na maibibigay sa inyo kailanman, kung madarama n’yo lang sana ang pagtuktok na ’yan sa inyong puso.

<sup>284</sup> Maaari n’yo bang itaas lamang ang inyong kamay, sabihin, “Sa pamamagitan n’yan, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong tulong at ng Iyong biyaya, ay mula ngayon, mamumuhay na ako nang mas malapit sa Iyo sa abot ng nalalaman ko kung paano mamuhay. Ito lamang ang nalalaman kong paraan para magsumamo sa Iyo”? Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. “Sa pamamagitan ng Iyong tulong at biyaya, ay ngayon, mula ngayon, hindi ko ito kailanman lilimutin.”

“Narito, Ako’y nakatayo sa pintuan, at tumutuktok. Kung ang sinuman . . .”

<sup>285</sup> Ngayon, tandaan n’yo, saan Siya tumutuktok, sa kamalig ba? Hindi. Sa bahay-inuman ba? Hindi. Saan Siya tumutuktok? Sa iglesya!

<sup>286</sup> “Kung ang sinuman ay dirinig ng Aking Tinig, at sa Akin ay magbubukas, Ako’y papasok at hahapong kasalo niya, at siya’y kasalo Ko.”

<sup>287</sup> Mahal naming Diyos, itong paminsan-minsa’y palaktaw-laktaw, di sunud-sunod na, pananalita na naipangusap sa amin ngayong umaga, nawa’y ipaliwanag ng Espiritu Santo ang mga ito sa mga puso ng mga tao.

<sup>288</sup> Ngayon napakarami rito, Panginoon, marahil sa sandaang narito’y may dalawampu o tatlumpu ang nagtaas ng kanilang mga kamay. Wala akong paraan para malaman kung ano nga ang pangangailangan nila, Panginoon. Subalit nababatid ko na ang katanghalian ay kaunting minuto na lang bago sumapit, at gayundin po ito sa Pagparito ng Panginoon; subalit, bago man lang matunaw ang niyebe rito sa lupa, maaaring tawagin na kami, at ito marahil ang sandaling magpapasya ng mangyayari sa hinaharap kung sila ba’y maiiwan o aagawin paitaas.

<sup>289</sup> Minamahal naming Diyos, tinatanggap po namin si Jesus nang may pagpapakumbaba, tinatanggap namin ang lahat ng Kanyang mga Salita. Puspusin Mo kami, Panginoon, puspusin nawa kami ng Iyong Espiritu Santo, upang ang buhay namin ay sadyang kusang mamunga. Ipagkaloob Mo ito, Panginoon.

<sup>290</sup> Patawarin Mo kami sa marami naming pagkakamali. Oh, tadtad kami ng pagkakamali, Panginoon. At wala nga kaming anumang maihahandog, Panginoon, ’pagkat, ang lahat naman

ng taglay namin, ay Ikaw rin naman po ang nagkaloob sa amin. Kagaya na nga lang ng sinabi ni Gabe, sa maikling kuwentong ikinuwento namin, “Iyo, Iyo talagang iniibig kami, Panginoon, dahil kung hindi’y hindi Mo gagawin ito.” At, ang isiping, nagsiupo ang mga nagsidalo rito magmula pa kaninang umaga, nakaupo rito nang maga-alas otso pa lang nun, apat na oras na halos silang nakaupo rito. Iniibig Ka talaga nila, Panginoon. Iniibig Ka nila. Ngayon, Ama, ipadala Mo po ang pamahid ng Espiritu Santo, upang mabuksan ang aming mga mata. Kami nawa’y . . .

<sup>291</sup> Ang mga narito po sa siyudad, sila nawa’y magsidagsa sa rebaybal na ’yun mamayang gabi, magkaroon nawa ng lubos na pagbuhos sa kanila! Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Nawa’y magkaroon ng isang makalumang rebaybal dito sa siyudad. Ipagkaloob Mo ito. Pagpalain Mo ang bawat tao na nagsisikap tumulong, bawat isa na Iyong mga lingkod sa buong mundo, na nagsusumikap. Sumakanila Ka, Panginoon, at tulungan sila.

<sup>292</sup> Buksan Mo po ang aming mga mata upang makita namin, nang lubos-lubos, ang wangis ni Cristo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Patawarin Mo kami sa aming mga pagkakasala.

<sup>293</sup> At ngayon sa mga nagsipagtaas ng kani-kanilang kamay, Ama, itinatagubilin ko sila sa Iyo. Tanggapin Mo sila. Ngayon sasambitin ko ang Iyo Mismong Salita, Panginoon, na, “Ang Kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit,” sabi Mo, “siya,” na isang panghalip panao, “Siya na dumirinig ng Aking mga Salita . . .” Panginoon, marahil ang mga ipinangusap namin ay paputul-putol at napakasimple lang, subalit may mga nakapakinig dito. Nahulog na ang Binhi. “Siya na dumirinig ng Aking mga Salita at,” isang salitang pang-ugnay, “sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin,” dahil Kanya ngang ginawa ito, “siya ay may (pangkasalukuyan po) Buhay na walang hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol sa hinaharap, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Nagsipagtaas sila ng kanilang mga kamay, Panginoon. Kanilang sinuway yaong (bawat) batas ng siyensiya; hinihila dapat ng hatak ng mundo ang mga kamay namin pababa. Subalit napatunayan nilang may espiritu nga sa kanila, na naririnig nila ang pagtuktok sa pintuan, at iaangat ang kanilang kanang kamay sa Langit. Ngayon buksan Mo po ang pintuan. Buksan Mo, Panginoon, at pumasok. Kami’y sa Iyo. Tanggapin Mo po kami, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

I love Him, I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary’s tree.

<sup>294</sup> Iniibig n’yo ba Siya? Iniisip ko ano kaya kung ipikit po natin kahit saglit ang ating mga mata, pansumandali. Ngayon galing sa puso natin, habang nakataas ang ating mga kamay.

I love Him, I love Him  
Because . . .

<sup>295</sup> Tinatanggap po namin ang Iyong pagtuktok, sa umagang ito, Panginoon. Nakataas ang mga kamay ko. Nakataas ang lahat ng aming mga kamay rito, Panginoon.

And . . .

Ngayon pumasok Ka na, Panginoong Jesus. Pumasok Ka na sa aming mga puso at humapong kasalo namin, at hahapon din kaming kasalo Mo.

Calvary's tree!

<sup>296</sup> Iniibig n'yo ba Siya? Oh, iniisip kong kamangha-mangha talaga Siya! Ganun din ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ba't nararamdaman n'yo ang Presensya Niya na nililinis kayo nang husto? Pakiramdam ko'y talagang puspos na puspos ako ngayon, talagang—talagang napakainam ng pakiramdam ko, may kung anong mainam na bagay talaga.

My faith looks up to Thee,  
Thou Lamb of Calvary,  
Saviour Divine;  
Now hear me while I pray,  
Take all my sins away,  
O let me from this day  
Be wholly Thine!

<sup>297</sup> Ngayon nais ko pong kayo, habang inihihiging natin ang kasunod na talata rito ng magandang himnong ito, ng lumang pansimbahang himno na ito, nais kong makipagkamay kayo sa mga narito. Manatili lang po kayo sa kinauupuan n'yo, sabihin n'yo, "Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Nagalak ako nang husto na makasama ka rito!" Gawin natin 'yan. [Inihihiging ni Kapatid na Branham at ng kongregasyon ang, *My Faith Looks Up To Thee*, at nagkakamayan sa isa't isa—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos, Carl, nagalalak akong nakaparito . . . ? . . .

<sup>298</sup> Kay gandang isipin, na nagkakamayan ang Methodist at Pentecostal, nagkakamayan ang Baptist at Presbyterian.

O let . . . from this day  
Be wholly Thine!

<sup>299</sup> Ngayon habang umaawit tayo nang marahan sa oras na ito, na, nanggagaling nga sa kaibuturan ng inyong puso. Alam n'yo, pagkatapos ng matinding paglilinis, at pananaway ng Mensahe, sa tingin ko'y napaka inam na mapasa Espiritu tayo at awitin natin, ang katamisan ng Espiritu Santo.

<sup>300</sup> "Oh napakatamis sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!" Sabi ng Biblia, "Ito'y gaya ng langis na pamahid sa balbas ni Aaron, na tumutulo sa laylayan ng kanyang suot." Kayong lahat ay kalugod-lugod

talaga. Umaasa akong makabalik muli rito upang makita kayong muli bago ako tawagin ni Jesus, o ang Milenyum. Kung hindi man ako makabalik, sasalubungin ko kayo sa kabila ng ilog sa dako roon. Sasalubungin ko kayo sa ilog. Amen. Isa 'yang tipanan.

While life's dark maze I tread,  
 And grief around me spread,  
 Be Thou my Guide;  
 Bid darkness turn to day, (yaong munting Ilaw  
 dun na sinasabi nila)  
 Wipe sorrow's tears away,  
 O let me from this day  
 Be wholly Thine!

<sup>301</sup> Nabuksan na ang bawat pintuan! Oh, pindutin n'yo lamang 'yung maliit na pindutan dun, at masdan n'yo ang mga pintong bukas na nakahanay dun; tapos sabihin n'yo, "Tumuloy Ka na, Panginoong Jesus, at maging aking Panginoon, at lahat ko."

O let me from this day, di Kita pababayaang  
 tumayo lang diyan sa pintuan,  
 Be wholly Thine!

<sup>302</sup> Sa mga nagsipagtaas ng inyong mga kamay at nagnanais na mapangunahan pa lalo patungo sa Panginoon, hinihiling ko sa inyo na magtungo po kayo sa rebaybal ngayong gabi. Natitiyak kong gagabayan kayo ng pastor dun mula rito patungo dun sa pagdadausan. May anim na sentimos siya, o anumang naibigay sa kanya, para pamahalaanan, at alak at langis para ibuhos. Kaya niyang tapusin ang nakaatang sa kanyang gawain.

<sup>303</sup> Pagpalain kayo ng Diyos sa oras na ito. Ibinabalik ko na ang gawain kay, sa palagay ko, Kapatid na Williams, o kung sino man. . .



*MGA PINTUAN SA PINTUAN* TAG65-0206

(Doors In Door)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Pebrero 6, 1965, para sa agahang pagtitipon ng Full Gospel Business Men's International sa Americana Hotel sa Flagstaff, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)